DOCUMENT RESUME

ED 405 224 SO 022 128

TITLE	Social Studies: Level Two--Interaction. Teacher's Guide=Araling Panlipunan: Ikalawang Antas--Pakikisalamuha. Patnubay Ng Guro.
INSTITUTION	Berkeley Unified School District, Calif. Asian American Bilingual Center.; California State Univ., Los Angeles. National Dissemination and Assessment Center.
SPONS AGENCY	Department of Education, Washington, DC.
PUB DATE	81
NOTE	281p.; For related documents in the series, see SO 022 126-135; for the corresponding resource book, see SO 022 129.
PUB TYPE	Guides - Classroom Use - Teaching Guides (For Teacher) (052) -- Multilingual/Bilingual Materials (171)
LANGUAGE	English; Tagalog
EDRS PRICE	MF01/PC12 Plus Postage.
DESCRIPTORS	*Aesthetic Education; *Affective Behavior; *Bilingual Education; Concept Formation; *Cultural Interrelationships; *Curriculum Development; Elementary Education; Elementary School Curriculum; Filipino Americans; Grade 3; Grade 4; Individual Development; Instructional Materials; *Interdisciplinary Approach; Learning Activities; Resource Materials; Tagalog; Teaching Guides; Thematic Approach

ABSTRACT

This Pilipino teacher's guide is part of Berkeley, California Unified School District Asian American Bilingual Center's interest in fostering the total growth of the child. To facilitate that growth, the Center has selected an interdisciplinary approach to curriculum development. Social studies themes and concepts provide the framework within which all the subject areas, including mathematics, reading and language arts, fine arts, and science, are organized. The four social studies themes are child, family, community, and natural environment. The themes reappear and expand through the curriculum from one text to the next and correspond with the concepts of identity, needs and interaction. Level Two is designed for children in grades three and four. Each level develops one or more apsect oa a theme as the child moves from simple to complex ideas and from understanding of self to understanding of society. Unit 1 of the document, entitled "The Arts," examines the arts as a means of communication, as comprising many forms, and as an integral part of daily life. Unit 2, "Thoughts and Feelings," explains that interaction requires decision making and problem solving that may involve desirable and undesirable options, and may implicate thoughts and feelings. The document includes an introduction, notes to the teacher, and a resource guide. (SG)

ED 405 224

SO 022 128

INTERACTION
PAKIKISALAMUHA

U.S. DEPARTMENT OF EDUCATION
Office of Educational Research and Improvement
EDUCATIONAL RESOURCES INFORMATION CENTER (ERIC)
This document has been reproduced as received from the person or organization originating it.
☐ Minor changes have been made to improve reproduction quality.
• Points of view or opinions stated in this document do not necessarily represent official OERI position or policy.

Teacher's Guide

PATNUBAY NG GURO

Social Studies
ARALING PANLIPUNAN

BEST COPY AVAILABLE

Asian American Bilingual Center

CLEAR MATERIALS LIBRARY

INTERACTION
PAKIKISALAMUHA

Social Studies
ARALING PANLIPUNAN

Teacher's Guide

PATNUBAY NG GURO

Asian American Bilingual Center

EVALUATION, DISSEMINATION AND ASSESSMENT CENTER

This publication was supported in whole or part by the U.S. Department of Education, but any opinions expressed herein do not necessarily reflect department policy, and no official endorsement by the department should be inferred.

© 1981 Berkeley Unified School District

AN EDAC-LA PUBLICATION

Published and distributed by
Evaluation, Dissemination and
Assessment Center
California State University, Los Angeles
Los Angeles, CA 90032

Table of Contents

Pambungad iv

Mga Tala para sa Guro viii

YUNIT 1: MGA SINING

Pang-isipang Pahayag I: 4
Ang mga sining ay isang paraan ng pakikipagtalastasan.

Pang-isipang Pahayag II: 30
Ang mga sining ay may iba't ibang anyo.

Pang-isipang Pahayag III: 66
Ang sining ay isang mahalagang aspekto ng bawat kultura.

Pang-isipang Pahayag IV: 94
Bahagi ng buhay-buhay ang mga sining.

YUNIT 2: MGA ISIPIN AT MGA DAMDAMIN

Pang-isipang Pahayag I: 120
Ang pakikisalamuha sa tao ay kadalasang nangangailangan ng paggawa ng mga pasiya at paglutas ng mga suliranin.

Pang-isipang Pahayag II: 120
Ang paggawa ng pasiya at paglutas ng mga suliranin ay kadalasang kinasasangkutan ng mga kanais-nais na pagpipilian, ng parehong kanais-nais at hindi kanais-nais na mga pagpipilian o mga hindi kanais-nais na pagpipilian lamang.

Pang-isipang Pahayag III: 120
Ang mga isipin o mga damdamin o ang dalawang ito ay kadalasang siyang tumitiyak kung paanong nagagawa ang mga pasiya at nalulutas ang mga suliranin.

Introduction v

Notes to the Teacher ix

UNIT 1: THE ARTS

Conceptual Statement I: 5
The arts are a means of communication.

Conceptual Statement II: 31
Art has various forms.

Conceptual Statement III: 67
Art is an important aspect of every culture.

Conceptual Statement IV: 95
The arts are an integral part of daily life.

UNIT 2: THOUGHTS AND FEELINGS

Conceptual Statement I: 121
Interaction among people often requires making decisions and solving problems.

Conceptual Statement II: 121
Making decisions and solving problems often involves desirable options only, both desirable and undesirable options, or undesirable options only.

Conceptual Statement III: 121
Thoughts and feelings or both often determine how decisions are made and problems are solved.

Pambungad

Ang kurikulum ng Dalwikang Sentro ng Asyano-Amerikano ay nagsisikap na pagyamanin ang pagsulong ng bata. Ang layuning ito ay nababatay sa paniniwala na ang pangkaisipang kalinangan ng bata ay hindi maihihiwalay sa kalinangang panlipunan, pandamdamin, at pangkatawan ng bata.

Upang mapadali ang pagsulong ng bata, ang Sentro ay pumili ng isang pamaraang interdisiplinaryo sa paglinang ng kurikulum. Kaya ang kurikulum ng Sentro ay pinagsama sa halip na hiwa-hiwalay sa mga tradisyonal na paksang larangan. Ang araling panlipunan ay napili upang maging buod ng kurikulum. Ang paksa at kaisipan ng araling panlipunan ang naging balangkas upang maitatag ang lahat ng larangan ng kapaksaan --matematika, sining ng wika/pagbasa, sining, at agham.

Ang apat na paksandiwa ng araling panlipunan ay: *Bata, Pamilya, Pamayanan,* at *Likas na Kapaligiran.* Ang mga paksandiwa ay lumilikaw, ang ibig sabihin, lumilitaw muli at lumalawak, sa kabuuan ng kurikulum mula sa isang antas hanggang sa susunod. Karagdagan nito, sa bawat baitang, isa o dalawang panig ng paksa ang binibigyang diin higit sa iba, habang ang bata ay unti-unting lumilipat mula sa payak hanggang sa masalimuot na kaisipan, at mula sa pag-unawa sa sarili hanggang sa pag-unawa sa lipunan.

Nakasama sa apat na paksandiwa ang mga kaisipang: *Pagkakakilanlan, Pangangailangan* at *Pakikisalamuha.*

Nakasama sa apat na paksandiwa ang mga kaisipang: *Pagkakakilanlan, Pangangailangan* at *Pakikisalamuha.*

Pagkakakilanlan

Mahalaga sa buhay ng bawat bata ang isang matatag at tiyak na pagtingin sa sarili. Ito ay mahalaga sa paglinang at pagsulong ng pangkaisipan, pandamdamin, panlipunan, at pangkatawang kakayahan ng bata. Ito ay nagmumula sa tiyak na pagkakilala ng bata sa kanyang pagiging isang taong bukod tangi, bilang isang miyembro ng kaniyang pamilya at pamayanan, at bilang isang kaanib sa kaniyang kultura at kasaysayan. Bunga nito ang paglinang ng isang batang may sariling pagpupunyagi, may kakayahang gumawa ng isang mariing impresiyon sa iba at sa kanyang kapaligiran sa isang malikhain, may pananagutan, at mabahalang gawi.

Pangangailangan

Ang isang batang may sariling-pangangasiwa ay maliwanag na napaghuhulo at nasusuri ang kanyang pangangailangan at kagustuhang pangkatawan, panlipunan, at pangkabuhayan. Sinasaliksik niya ang kanyang pantao at pampaligirang yaman at nasasanay siya sa paggamit nito upang matupad ang kanyang mga pangangailangan. Nalalaman ng bata kung paano nagtutulung-tulong ang mga tao at iba pang may buhay upang matupad ang mga pangangailangan ng bawat isa at makagawa nang mahusay sa ganoong tulung-tulong na pagsisikap.

Pakikisalamuha

Upang mabisang makibagay sa mga tao at sa kapaligiran, nakikilala ng bata ang pangangailangan at kahalagahan ng pagtutulungan. Nababatid at iginagalang ng bata ang kahalagahan, damdamin, at karapatan ng kapwa. Nauunawaan niya ang epekto sa kanya ng mga kapwa at ng mga sanhi sa kapaligiran. Bilang ganti, may epekto din siya sa kanila. Ang bata ay mapansinin at mapanuri sa kanyang mga pakikisalamuha. May katuwiran at kakusaan niyang hinaharap ang mga problema, salungatan, at pagbabago. Bihasa sa bigkasin at di-bigkasaing pagpapahayag, nauunawaan niya ang dahilan at epekto, at nanununungkulan at nagpapahalaga siya sa tulungan at sama-samang pagpapasiya. Ang mga kilos at pakikisalamuha ng bata ay naglalarawan ng kanyang pagtingin sa sarili bilang isang tao at isang kasapi ng pamayanan. Ipinahahayag nila ang kanyang kalinangan at kasaysayan. Kaya, makikita na tiyakang magkakaugnay ang *Pagkakakilanlan, Pangangailangan,* at *Pakikisalamuha.*

Introduction

The Asian American Bilingual Center curriculum attempts to foster the total growth of the child. This goal is based on the belief that the child's cognitive development is inseparable from the child's social, affective and psychomotor development.

In order to facilitate the child's total growth, the Center has selected an interdisciplinary approach to curriculum development. Thus the Center curriculum is integrated rather than segmented into traditional subject areas. Social studies has been selected as the core of the curriculum design. Social studies themes and concepts provide the framework within which all the subject areas—mathematics, reading/language arts, fine arts, and science—are organized.

The four social studies themes are: *Child, Family, Community,* and *Natural Environment.* These themes spiral, that is, reappear and expand, through the curriculum from one level to the next. At each level, one or more aspects of a theme are emphasized more than others as the child moves from simple to complex ideas and from the understanding of self to an understanding of society.

Correlated with the four themes are the concepts: *Identity, Needs,* and *Interaction.*

Identity

A strong and positive self-concept is a vital part of every child's life. It is integral to the development of the child's intellectual, emotional, social and physical capabilities. It stems from the child's confident recognition of his/her uniqueness as an individual, as a member of his/her family and community, and as a participant in his/her culture and history. It results in the development of a self-determining child, one who is increasingly able to make an impact on others and on the environment in a creative, responsible, and concerned manner.

Needs

A self-managing child clearly perceives and analyzes his/her physical, social and economic wants and needs. S/he explores and becomes skilled in the use of his/her human and environmental resources in order to fulfill those needs. The child is knowledgeable about how people and other living things must work together to fulfill one another's needs and operates competently in that cooperative effort.

Interaction

In order to function effectively with people and within the environment, the child recognizes the necessity and value of interdependence. The child is aware of and respects the values, feelings, and rights of others. S/he understands the impact made upon him/her by others and by factors in the environment, and in turn is able to make an impact on them. The child is perceptive and analytical in his/her interactions. S/he deals with problems, conflicts, and changes with reason and initiative. Skilled in verbal and non-verbal communication, the child understands cause and effect, and collective decision making. The child's actions and interactions reflect his/her concept of him/herself as an individual and as a member of the community. They express his/her culture and history. Thus, it can be seen that *Identity, Needs,* and *Interaction* are closely interwoven.

takdang-guhit ay damkulturalin na may Asyanó-Amerikanong diin. Upang maitatag ang inaasahang bunga sa bawat yunit, natatanging pansin ang ibinigay sa paglakip ng mga kasanayan sa paglilinaw at pagsusuri ng mga kahalgahan, damdamin, at saloobin.

Nakapakete sa tatlong kit ang bawat antas ng kurikulum ng Sentro. Apat na antas ng mga kagamitang pangkurikulum ang nilinang para sa mababang paaralan. Ang programa para sa Panimulang Antas ay binalangkas para sa mga bata sa prekindergarten at kindergarten. Ang programa para sa Unang Antas ay naangkop para sa mga bata sa una at ikalawang grado, ang programa sa Ikalawang Antas para sa ikatlo at ikaapat na grado, at ang programa sa Ikatlong Antas para sa ikalima at ikaanim na grado. Dala ng bawat kit ang isa sa mga kalakhang kaisipan ng Sentro: Kit ng Pagkakakilanlan, Kit ng Pangangailangan, at Kit ng Pakikisalamuha. Bawat kit ay naglalaman ng:

1. patnubay ng guro at hanguang aklat
2. hanbuk sa matematika ng guro
3. hanbuk sa sining ng wika
4. gawaing-aklat sa matematika
5. gawaing-aklat sa sining ng wika
6. batayang babasahin
7. tangkas ng mga plaskard
8. tangkas ng mga tsart
9. tangkas ng mga kuwentong-aklat

Bawat antas ng kurikulum ng Sentro, samakatuwid, ay binubuo ng mahigit sa tatlumpung produkto.

The content of the curriculum within the guidelines established above is multicultural with an Asian American emphasis. In establishing what the student is expected to learn in each unit, particular attention has been given to clarifying and analyzing values, feelings, and attitudes.

The Center's curriculum is packaged into three kits per level. Four levels of curriculum materials have been developed for the elementary grades. The Introductory Level program is designed for prekindergarten and kindergarten children. The Level One program is suitable for students in grades one and two, the Level Two program for grades three and four, and the Level Three program for grades five and six. Each kit carries the name of one of the Center's major concepts: Identity Kit, Needs Kit, and Interaction Kit. In general, each kit contains:

1. a teacher's guide and resource book
2. a teacher's math handbook
3. a teacher's language arts handbook
4. a student math workbook
5. a student language arts workbook
6. a basal reader
7. a set of flashcards
8. a set of charts
9. a set of storybooks

Each level of the Center's curriculum, therefore, consists of more than thirty products.

Mga Tala para sa Guro

Ang pinagsama-samang kurikulum ng Dalwikang Sentro ng Asyano-Amerikano ay naglalaman ng tatlong bahagi: matematika, mga sining ng wika, at mga araling panlipunan. Kung ang interdisiplinaryong pampagkatutong kapaligiran ay ilalaan para sa mga mag-aaral, kinakailangang gamitin ng guro ang lahat na tatlong bahagi. Sa ganitong paraan lamang maituturo sa mga bata nang maugnayin at makabuluhan ang nilalaman, mga kaisipan, mga batayang kasanayan, at paglingang sa wika. Gayundin, ipinakete ng Sentro ang mga kagamitan sa isang paraang madaling maiaakma ng guro ang mga ito sa mga pansariling pangangailangan ng mga bata sa iba't ibang pampagtuturong pamamaraan.

Ang mga araling panlipunang bahagi ng kurikulum ay kinabibilangan ng mga kagamitan sa araling panlipunan, sining, at araling pangkapaligiran na nakapakete sa mga patnubay at hanguang aklat ng guro, mga kuwentong-aklat, at mga tsart. Tatlong kit—Pagkakakilanlan, Pangangailangan, at Pakikisalamuha—ay inilalaan para sa bawat antas ng kurikulum. Ang bawat kit ay naglalaman ng isang set ng mga kagamitang nakalista. Sa humigit-kumulang na tatlumpung minutong pagtuturo bawat araw, tatlumpung linggo ang kailangan upang matapos ang mga kagamitan sa tatlong kit, o mga sampung linggo sa bawat kit.

Ang Patnubay ng Guro at Hanguang Aklat

Ang Patnubay ng Guro at Hanguang Aklat ang bumubuo ng bahaging panlipunan. Ang mga yunit sa Ikalawang Antas ng Pakikisalamuha ng Patnubay ng Guro at Hanguang Aklat ay (I) Mga Sining, at (II) Mga Isipin at mga Damdamin. Ang bawat yunit ay mga limang linggo ang tagal.

Nahahati sa mga *pang-isipang pahayag* ang yunit ng Mga Sining. Ang mga pang-isipang pahayag ay paglalahat ng kaisipan at nilalamang diin ng kurikulum. Bawat pang-isipang pahayag ay may kasamang mga *pampagkatutong layunin* na nagbibigay ng lalong tiyak na kaalaman tungkol sa saklaw at pagkakasunud-sunod ng mga paksang napapaloob. Sa kabila nito, tinutulungan ng *mga gawain* sa silid-aralan ang mga pampagkatutong layunin. Sa bawat gawain, mga panggampaning layunin ang nagpapakilala ng mga kasanayang binibigyan ng diin. Binibigyang-diin ng mga *panggampaning layunin* sa Mga Sining ang mahusay na mga kakayahan sa motor, paningin, at pagkamalikhain. Isang talaan ng *mga kagamitang* kinakailangan sa mga gawain ang kasunod ng mga panggampaning layunin. Ang talang ito ay binagtas-sangguni sa mga *hanguang kagamitan* sa likod ng patnubay ng guro. Ganoon pa man, dapat bigyan ng pansin na lahat ng mga kagamitang pansining ay dapat makuha ng guro.

Ang yunit sa Mga Isipin at mga Damdamin ay nakatuon sa mga pamamaraan: paglutas ng mga problema, paggawa ng mga pasiya, pagliwanag sa mga pagpapahalaga, pagwawakas ng mga paglalaban. Isinaayos ang yunit sa kapuna-punang naiibang balangkas sa iba pang Ikalawang Antas na kurikulum. Binubuo ito ng tatlong pang-isipang pahayag na naghahanda para sa labinlimang mga kuwentong walang wakas. Inilaan ang mga kuwento upang mabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataon na pag-aralan ang mga sitwasyon, gumawa ng mga pasiya, at kumilos nang naaayon. Tatlong pampagtuturong modelo ang nagmungkahi kung paano magagamit ang mga kuwento para sa tunguhing iyon.

Mga Kuwentong-aklat

Pitong kuwentong-aklat ang kasama ng Patnubay ng Guro at Hanguang Aklat. Ipinaliwanag sa patnubay ang mga pamamaraan sa talakayan at iba pang mga gawaing pangkuwentong-aklat.

Notes to the Teacher

The Asian American Bilingual Center's integrated curriculum contains three components: mathematics, language arts, and social studies. If an interdisciplinary learning environment is to be provided for the students, it is essential that the teacher use all three components. Only thus can content, concepts, basic skills, and language development be imparted to the children in a cohesive and meaningful way. At the same time, the Center has packaged the materials in such a way that the teacher can easily adapt them to the individual needs of the children and to different instructional techniques.

The social studies component of the curriculum includes social studies, fine arts, and environmental studies materials packaged into a teacher's guide and resource book, storybooks, and charts. Three kits—Identity, Needs, and Interaction—are provided for each curriculum level. Each kit contains a set of the materials listed. At an average of thirty minutes of instruction a day, thirty weeks are needed to cover the materials in all three kits, or about ten weeks for each kit.

The Teacher's Guide and Resource Book

The Teacher's Guide and Resource Book form the basis of the social studies component. The units in the Level Two Interaction Teacher's Guide and Resource Book are (I) The Arts, and (II) Thoughts and Feelings. Each unit is about five weeks long.

The Arts unit is divided into *conceptual statemtns.* Conceptual statements are generalizations of the concept and content emphasis of the curriculum. Each conceptual statement is accompanies by *learning objectives* which give more specific information about the scope and sequence of the topics covered. In turn, the learning objectives are supported by classroom *activities.* For each activity, *performance objectives* indicate the skills emphasized. The performance objectives in the Arts unit stress fine motor skills, visual perception, and creativity. A list of *materials* needed to implement the activities follows the performance objectives. It is cross-referenced to the *resource materials* at the back of the teacher's guide. However, it should be noted that all of the art supplied must be obtained by the teacher.

The Thoughts and Feelings unit focuses on processes: problem solving, decision making, values clarification, and conflict resolution. The unit is presented in a markedly different format from that of the rest of the Level Two curriculum. It is composed of three conceptual statements which set the tone for fifteen open-ended stories. The stories are designed to allow the students to analyze situations, make decisions, and act accordingly. Three instructional models suggest how the stories can be used toward that end.

Storybooks

Seven storybooks accompany the Teacher's Guide and Resource Book. Discussion strategies and other storybook activities are explained in the guide.

YUNIT I: Mga Sining

UNIT I: The Arts

Pang-isipang Pahayag I

Ang mga sining ay isang paraan ng pakikipagtalastasan.

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 1

Makikilala ng bata na ang sining ay nakapagpapahayag ng mga damdamin.

Gawain 1

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 2

Makikilala ng bata na ang sining ay nakapagpapahayag ng likhang-isip at guniguni.

Gawain 2

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 3

Makikilala ng bata na ang sining ay nakapagpapahayag ng mga pangkulturang kahalagahan.

Mga Gawain 3-4

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 4

Makikilala ng bata na ang sining ay nakapaglalahad ng mga pampulitikang paninindigan at nakapagtatala ng kasaysayan.

Mga Gawain 5-7

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 5

Makikilala ng bata na ang sining ay maaaring mapakinabangan.

Mga Gawain 8-9
Pagtitining na Gawain

Conceptual Statement I

The arts are a means of communication.

LEARNING OBJECTIVE 1

The child will recognize that art can express emotions.

Activity 1

LEARNING OBJECTIVE 2

The child will recognize that art can express imagination and fantasy.

Activity 2

LEARNING OBJECTIVE 3

The child will recognize that art can express cultural values.

Activities 3-4

LEARNING OBJECTIVE 4

The child will recognize that art can express political views and record history.

Activities 5-7

LEARNING OBJECTIVE 5

The child will recognize that art can be utilitarian.

Activities 8-9
Culminating Activity

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 1

Makikilala ng bata na ang sining ay nakapagpapahayag ng mga damdamin.

Gawain 1

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Kilalanin ang iba't ibang pantaong damdamin.
2. Gunitain ang mga karanasan na nadarama ang mga tiyak na damdamin.
3. Bigyang-kahulugan ang pandamdaming nilalaman ng mga tiyak na likhang-sining.
4. Lumikha ng gawang-sining na nagpapahayag ng tiyak na damdamin sa pamamagitan ng pamamaraang *crayon-resist.*
5. Magpahayag ng mga damdamin tungkol sa kanyang gawang-sining.

Mga kagamitan

Iba pa
1. Mga pinsel, tintang india o itim na pintura, mga krayola at papel-pandrowing
2. Isang katatawanang pelikula tulad ng *Night at the Peking Opera,* Radim Films, Inc., 17 West 60th Street, New York, NY 10023
3. Isang masayang awit tulad ng "Haru Ga Kita," isang kinaugaliang awiting-bayan ng Hapon
4. Isang kuwentong nagpapahayag ng kalungkutan o kabiguan tulad ng "Kaarawan ni Carmen".
5. Isang kuwadro, paskil, o lilok na nagpapamalas ng katapangan, tulad ng mga limbag na mga miyural, "Kasaysayan ng Pilipinas," ni Carlos Francisco, mabibili sa Cellar Book Shop, 18090 Wyoming, Detroit, MI 48221

Para sa sanggunian ng guro

1. Palomares, Uvaldo at Geraldine Ball. *The Magic Circle.* La Mesa, CA: Human Development, 1973.

Mga panuto

1. Ipasalaysay sa mga bata ang mga pansariling karanasan o mga likhang-isip na kalagayan ng kinapapalooban ng iba't ibang damdamin. Maging lubusang maselan sa pagtalakay. Maingat na pangasiwaan ang kaasalan upang maiwasang hiyain o kutyain ang bata. Huwag pilitin ang isang mag-aaral na isalaysay ang kanyang mga karanasan kung ayaw niya.

   Talakayin kung bakit nakadarama ang isang tao ng mga tiyak na damdamin sa mga tiyak na sitwasyon.

   Talakayin kung paano maaaring mabago ng isang tao ang kanyang damdamin sa mga tiyak na sitwasyon; hal.,:

   Guro: Lahat tayo ay nakadama na ng kalungkutan. Mayroon ba sa inyo ang nakaalala ng panahong naging malungkot kayo?

   Mag-aaral: Noong ako ay bago pang mag-aaral, wala akong kasama sa pagkain ng pananghalian.

   Guro: Ano ang maaaring nagpabago sa kalungkutan mo?

   Mag-aaral: Kung may isa sanang nakisama sa akin sa pagkain, o kung sinimulan ko munang makipag-usap sa ilang tao.

LEARNING OBJECTIVE 1

The child will recognize that art can express emotions.

Activity 1

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Identify a variety of human emotions.
2. Recall experiences in which specific emotions were felt.
3. Interpret the emotional content of certain works of art.
4. Create artwork expressing a specific emotion using the crayon-resist technique.
5. Express feelings about his/her original artwork.

Materials

Other
1. Paint brushes, india ink or black poster paint, crayons, and drawing paper
2. A humorous film, such as *Night at the Peking Opera,* Radim Films Inc., 17 West 60th Street, New York, NY 10023
3. A happy song, such as "Haru Ga Kita," a traditional Japanese folk song
4. A story expressing sadness or disappointment, such as Carmen's Birthday."
5. A painting, poster, or sculpture depicting courage, such as prints of the murals, "History of the Philippines," by Carlos Francisco, available from Cellar Book Shop, 18090 Wyoming, Detroit, MI 48221

For teacher reference

1. Palomares, Uvaldo and Geraldine Ball. *The Magic Circle.* La Mesa, CA: Human Development, 1973.

Instructions

1. Have the children relate personal experiences or imaginary situations involving various emotions. Be particularly sensitive during the discussion. Carefully monitor behavior to prevent embarassing or ridiculing a child. Do not require a student to relate his/her experiences if s/he does not want to.

   Discuss why one feels certain emotions in certain situations.

   Discuss how one might alter the way s/he feels in certain situations; e.g.,

   Teacher: We all feel lonely at one time or another. Can anyone remember a time when they were lonely?
   Student: When I was a new student, I had no one to eat lunch with.
   Teacher: What could have changed your loneliness?
   Student: Maybe if someone came to eat with me, or if I had gone over and started talking with some other people . . . .

2. Ipakita sa mga bata ang mga likhang-sining na nagpapamalas ng iba't ibang damdamin. Tingnan ang inirekomendang likhang-sining sa ***Mga kagamitan***. Tanungin ang mga mag-aaral kung anong uri ng mga damdamin ang inilalarawan ng bawat isa. Talakayin kung paanong ipinapakita ang mga damdaming ito; hal., sa pamamagitan ng indayog ng musika, sa pamamagitan ng mga pagmumukha ng mga nagsisiganap, atbp. Pagkatapos talakayin ang mga reaksiyon ng manonood; hal., may tawanan, pagkapukaw ng damdamin, atbp.

   Sa panahon ng pagtalakay, hikayatin ang mga bata na malaya nilang bigyang-kahulugan ang likhang-sining. Kasing tumpak ng palagay ng isang mag-aaral ang palagay ng iba.

3. Magpadrowing sa mga mag-aaral ng isang larawan na nagpapakita ng isa sa mga damdaming natalakay na. Ipakita sa mga bata kung paano ang paggamit ng pamamaraang *crayon-resist*.

CRAYON-RESIST

1. Magdrowing sa papel ng mga larawan sa pamamagitan ng krayola. Gumuhit nang madiin para sa isang makapal na patong ng krayola.
2. Bantuan ng tubig ang tintang india 1:1. (Maaaring ipalit ang itim na pamasking pintura sa tinta.)
3. Sa pamamagitan ng paggamit ng binantuang tinta, ipinta ito sa ibabaw ng papel-pandrowing upang maging itim ang lahat ng puting lugar. Hindi matatakpan ng tinta ang drowing sa krayola.
4. Bilang pag-iiba-iba, gumamit lamang ng puting krayola sa pagdrowing ng mga larawan sa abuhin o mapusyaw na papel, at pagkatapos, ipalit ang mapusyaw na pamasking pintura sa itim na tinta bilang panghugas. Ang magiging bunga ay isang makulay na sanligan na may mapuputing larawan.

4. Ipatalakay sa mga mag-aaral ang kanilang ginawa sang-ayon sa nilalaman at paksa, pamamaraan at mga ibinunga, at ang kanilang damdamin bilang mga dalubsining at mga kumikilala sa sining.

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 2

Makikilala ng bata na ang sining ay nakapagpapahayag ng likhang-isip at guniguni.

Gawain 2

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Kilalanin ang bansa o kulturang pinagsimulan ng kuwentong-engkanto o alamat.
2. Bigyan-kaibhan ang "gawa-gawang kuwento" at "totoong kuwento."
3. Kumalap ng kuwentong-bayan o iba pang likhang kuwento mula sa ibang tao.
4. Ilarawan ang kuwento.

Mga kagamitan

AABC 1. Kuwentong aklat, "Ang Kalabaw at ang Baka"

Iba pa 1. Iba't ibang kulay ng sinulid, kola, gunting, felt pen o mga lapis-pangkulay, kardbord
2. Mapa ng daigdig o globo

Mga panuto

1. Basahin ang kuwentong-aklat, "Ang Kalabaw at ang Baka."

2. Ipahanap sa isang mag-aaral ang Pilipinas sa mapa o sa globo. Ipaliwanag na ang kuwento ay isang alamat mula sa bansang ito.

2. Show the students art forms which depict various emotions. See the recommended art forms under ***Materials.*** Ask the students what kind of feelings are depicted in each. Discuss how these feelings are shown; e.g., through the rhythm of music, through the facial expression of actors, etc. Then discuss how the audience reacts; e.g., with laughter, empathy, etc.

   During the discussion, encourage the students to freely interpret the art work. One student's interpretation should be as valid as another's.

3. Ask the students to draw a picture illustrating one of the feelings previously discussed. Show the children how to use the crayon-resist technique.

CRAYON-RESIST

1. Draw images in crayon on paper. Press firmly for a thick layer of crayon.

2. Dilute india ink with water 1:1. (Black poster paint may be substituted for the ink.)

3. Using the diluted ink, paint over the crayon drawing so that all the white areas become black. The ink will not cover the crayon drawing.

4. As a variation, use only white crayon to draw images on gray or light-colored paper, and then substitute colored poster paint for black ink as a wash. The result is a colorful background with white images.

4. Have the students discuss their work in terms of content and subject matter, technique and results, and their feelings as both artists and appreciators of art.

LEARNING OBJECTIVE 2

The child will recognize that art can express imagination and fantasy.

Activity 2

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Identify the country or culture where a folktale or legend originated.
2. Distinguish between "make-believe" and non-fiction.
3. Gather a folktale or other imaginary story from another person.
4. Illustrate the story.

Materials

AABC 1. Storybook, "The Carabao and the Cow"

Other 1. Assorted colored yarn, glue, scissors, felt pens or color pencils, cardboard
2. Map of the world or globe

Instructions

1. Read the storybook, **"The Carabao and the Cow"**

2. Ask a student to locate the Philippines on a map or globe. Explain that the story is a legend from this country.

3. Talakayin ang kuwento.

   Mga mungkahing tanong:
   a. Ano ang nagustuhan mo nang labis tungkol sa kuwento?
   b. Sa palagay mo ba'y tunay na naganap ang kuwentong ito? Bakit o bakit hindi?
   c. Totoo ba ang kuwentong ito? Bakit o bakit hindi?
   d. Ano ang "gawa-gawang kuwento"?
   e. Sa palagay mo ba'y mahirap gumawa ng isang magandang kuwento?
   f. Bakit sa palagay mo'y lumilikha ng mga kuwentong-bayan ang mga tao?
   g. Nakarinig na ba kayo ng iba pang kuwentong-bayan o mga alamat?

4. Ipasalaysay na muli sa mga bata ang kuwentong-bayan sa sarili nilang mga salita. Pasimulan sa isang bata, pagkatapos hayaang ituloy ito ng iba pang bata hanggang ang bawat isa'y nakapag-ambag sa pagkukuwento.

5. Magpatipon sa mga bata ng isang kuwentong-bayan o iba pang gawa-gawang kuwento mula sa isang kamag-anak, kaibigan, o guro. Magagawa ito ng mga mag-aaral nang pasalita sa pamamagitan ng isang tape recorder, o sa pamamagitan ng pagpapasulat nito sa isang tagakuwento. Sabihin sa mga bata na ibahagi ang kanilang mga kuwento sa klase.

6. Ipasalarawan sa mag-aaral ang kanilang mga kuwento o ang mga tauhan sa "Ang Kalabaw at ang Baka" sa pamamagitan ng paggawa ng kuwadrong-estambre tulad ng sumusunod:

   a. Magdrowing ng mga larawan sa kardbord sa pamamagitan ng mga felt pen. Higit na magaganda ang mga simpleng disenyo.

   b. Kulayan ang mga disenyo sa pamamagitan ng mga felt pen o mga lapis-pangkulay ng mga parehong kulay tulad ng estambre.

   c. Gupitin ang mga estambre sa magagamit na mga haba. Ikola ang bawat estambre na may kulay sa naangkop na kinulayang lugar sa kardbord. Ang bawat haba ng estambre ay dapat na nakakola nang dikit sa isa pa upang ang buong litrato ay natatakpan ng estambre.

   d. Itanghal ang natapos na mga kuwadrong-estambre.

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 3

Makikilala ng bata ng ang sining ay nakapagpapahayag ng mga pangkulturang kahalagahan.

Gawain 3

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Maiugnay ang mga kachina sa mga pangkulturang kahalagahan ng mga timog-kanluraning Amerikanong Indiyan.
2. Magpahayag ng pagpapahalaga sa mga manikang kachina.
3. Gumawa ng isang manikang kachina.

Mga kagamitan

AABC 1. Mga pampagtuturong larawan, "Mga Manikang Kachina" (1-5)

Iba pa 1. Mapa ng timog-kanlurang E.U.
2. Mga manikang kachina (kung maaari)
3. Palara, may kulay na papel-panggawain, mga butones, mga kabibe, mga buto, pira-pirasong tela, balahibo ng manok, mga abaloryo, estambre, mga gitnang karton ng toilet paper, mga pirasong kahoy, pinturang pamaskil, kola

Para sa sanggunian ng guro

1. Field, Edward. *Eskimo Songs and Stories.* New York: Delacorte Press, 1967.
2. Komaroff, Katherine. *Sky Gods.* New York: Universe Books, 1974.
3. La Farge, Oliver. *The American Indian.* New York: Golden Press, 1956.
4. *National Geographic Indians of the Americas.* Washington, D.C.: National Geographic Society, 1955.

3. Discuss the story.

   Suggested questions:
   a. What did you like best about this story?
   b. Do you think this story actually happened? Why or why not?
   c. What is "make-believe"?
   d. Do you think it is difficult to make up a good story?
   e. Why do you think people make up folktales?
   f. Have you heard of other folktales or legends?

4. Have the children retell the folktale in their own words. Let one child start the story, then have another child continue it, and so on until everyone has contributed to the storytelling.

5. Have the students gather a folktale or other imaginary story from a relative, friend, or teacher. The students can do so orally, by using a tape recorder, or by having the storyteller write the story. Ask the students to share their stories with the class.

6. Have the students illustrate their stories or the characters in "The Carabao and the Cow" by making a yarn painting as follows:

   a. Draw pictures on cardboard with felt pens. Simple designs work best.

   b. Color the designs using felt pens or color pencils with the same colors as the yarn.

   c. Cut the yarn in usable lengths. Glue yarn of each color to its corresponding colored area on the cardboard. Each length of yarn must be glued close to another so that the entire picture is covered by yarn.

   d. Display the finished paintings.

LEARNING OBJECTIVE 3

The child will recognize that art can express cultural values.

Activity 3

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Associate kachinas with Southwest Native American cultural values.
2. Express an appreciation for kachina dolls.
3. Make a kachina doll.

Materials

AABC 1. Teaching pictures, "Kachina Dolls" (1-5)
Other 1. Map of southwestern U.S.
2. Kachina dolls (if possible)
3. Tin foil, colored construction paper, buttons, shells, seeds, scrap cloth, feathers, beads, yarn, toilet paper rolls, scrap wood pieces, poster paint, glue

For teacher reference

1. Field, Edward. *Eskimo Songs and Stories.* New York: Delacorte Press, 1967.
2. Komaroff, Katherine. *Sky Gods.* New York: Universe Books, 1974.
3. La Farge, Oliver. *The American Indian.* New York: Golden Press, 1956.
4. *National Geographic Indians of the Americas.* Washington, D.C.: National Geographic Society, 1955.

5. *Ray Manley's Southwestern Indian Arts and Crafts.* Tucson: Manley Photography Inc., 1975.
6. Waters, Frank. *Book of the Hopi.* New York: Viking Press, 1969.
7. *Coloring Book of American Indians.* San Francisco: Bellerophon Books, 1970.
8. *Arizona Highways,* from Arizona Highway Department, 2039 W. Lewis Avenue, Phoenix, AZ 85009.

Mga panuto

1. Itanghal ang mga pampagtuturong larawan, "Mga Manikang Kachina." Ipabasa sa mga bata ang pamagat sa bawat larawan. Kung ninanais, pakulayan o ipapinta sa mga bata ang mga larawan.

2. Ibigay sa mga mag-aaral ang sumusunod na sanligang impormasyon:

   a. Ang mga manikang kachina ay ginagawa ng mga Indiyang Pueblo sa Timog-kanluran tulad ng Hopi o Zuni. Hanapin ang mga timog-kanlurang estado sa mapa.

   b. Ang mga kachina ay mga manikang kahoy na pinalamutihan ng pintura, mga balahibo ng ibon, abaloryo, atbp., na ginawa upang kumatawan sa iba't ibang mananayaw sa mga panrelihiyong seremonya na kumakatawan naman sa mga kahima-himalang nilalang o mga espiritu.

   c. Ang mga manikang kachina ay ibinibigay sa mga bata sa panahon ng mga panrelihiyong seremonya upang tulungan silang kilalanin ang mga mananayaw na kachina.

   d. May mahigit na 250 iba't ibang kachina.

   e. Karamihan sa mga mananayaw na kachina ay nagsusuot ng mga maskara at mga kasuotan.

   f. Ang ilang kachina ay kumakatawan sa mga espiritu ng hayop tulad ng oso, lobo, agila, atbp.

3. **Talakayin ang mga manikang kachina.**

   Mga mungkahing tanong:
   a. **Saan gawa ang isang manikang kachina? Bakit sa palagay mo'y ginagamit ng mga Amerikanong Indiyan ang mga kagamitang iyon?**
   b. **Anu-ano ang mga kulay ng mga manikang kachina?**
   c. **Saan ginagamit ang mga manikang kachina?**
   d. **Paano naiiba o natutulad sa mga kachina ang iba pang mga uri ng manika?**
   e. **Anu-ano ang inilalahad sa atin ng mga manikang kachina tungkol sa kultura ng mga Amerikanong Indiyan sa Timog-kanluran?**

4. Gumawa ng mga manikang kachina kasama ng mga mag-aaral.

MGA MANIKANG KACHINA

1. **Mangalap ng maliliit na pirasong kahoy (na may sukat na humigit-kumulang sa 5 sentimetro o 2 dali) sa iba't ibang hugis--mga kubo, mga tagilo, mga hexahedron, atbp.--makukuha sa maraming tableria nang walang bayad.**

2. **Pumili ng mga piraso ng kahoy para sa bawat kachina. Gamitin ang malakubo para sa ulo at ang hexahedron para sa katawan. Ikola ang mga ito. Gamitin ang maninipis na hexahedron o idikit ng kola nang sama-sama ang higit na maliliit na kubo para sa mga braso at mga binti.**

3. **Lapisin ang mga disenyo para sa mga maskara at mga kasuotan. Pagkatapos ikola ang mga braso at mga binti sa katawan at hayaang magdikit.**

4. **Idagdag ang higit na maliliit na pirasong kahoy upang mabuo ang iba pang bahagi ng katawan (hal., mga kamay at mga paa). Gumamit ng iba't ibang kagamitan upang idagdag sa mga katangian ng manika, tulad ng mga straw para sa mga daliri, mga butones para sa mga mata, estambre para sa buhok, atbp.**

5. **Pintahan ang bawat kachina ng pamaskil o acrylic na pintura. Gumamit ng matitingkad na kulay. Palamutihan ang manika ng mga balahibo ng ibon, mga kabibe, mga abaloryo, atbp. Itanghal ang mga tapos na manikang kachina.**

5. *Ray Manley's Southwestern Indian Arts and Crafts.* Tucson: Manley Photography, Inc., 1975.
6. Waters, Frank. *Book of the Hopi.* New York: Viking Press, 1969.
7. *Coloring Book of American Indians.* San Francisco: Bellerophon Books, 1970.
8. *Arizona Highways,* Arizona Highway Department, 2039 W. Lewis Avenue, Phoenix, AZ 85009.

Instructions

1. Display the teaching pictures, "Kachina Dolls." Have the children read the caption on each picture. If desired, have the children color or paint the pictures.

2. Give the students the following background information:

   a. Kachina dolls are made by Pueblo Indians in the Southwest such as the Hopi or Zuni. Locate the southwestern states on a map.

   b. Kachinas are wooden dolls, decorated with paint, feathers, beads, etc., made to represent various dancers in religious ceremonies, who in turn represent supernatural beings or spirits.

   c. Kachina dolls are given to children during the religious ceremonies to help them identify the kachina dancers.

   d. There are over 250 different kachinas.

   e. Most kachina dancers wear masks and costumes.

   f. Some kachinas represent animal spirits such as the bear, wolf, eagle, etc.

3. Discuss kachina dolls.

   Suggested questions:
   a. What is a kachina doll made of? Why do you think the Native Americans use those materials?
   b. What are the colors of the kachina dolls?
   c. What are kachina dolls used for?
   d. How are kachinas different from or similar to other kinds of dolls?
   e. What do kachina dolls tell us about the Southwest Native American culture?

4. Make kachina dolls with the students.

KACHINA DOLLS

1. Collect small scraps of wood (with dimensions approximately 5 cm or 2 in) in assorted shapes—cubes, pyramids, hexahedrons, etc.—available from most lumberyards for free.

2. Select pieces of wood for each kachina. Use a cuboid for the head and a hexahedron for the torso. Glue these together and let set. Use thinner hexahedrons or glue smaller cubes together for the arms and legs.

3. Pencil in designs for the mask and costume. Then glue the arms and legs onto the torso and let set.

4. Add smaller pieces of wood to form other parts of the body (e.g., hands and feet). Use various materials to add to the doll's features, such as straws for fingers, buttons for eyes, yarn for hair, etc.

5. Paint each kachina with poster or acrylic paint. Use bright colors. Decorate the doll with feathers, shells, beads, etc. Display the completed kachina dolls.

Gawain 4

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Iugnay ang mga palayok sa mga pangkulturang kahalagahang Asyano.
2. Ipamalas ang pagbibigay-halaga sa mga palayok at sa mga seremonya ng tsa.
3. Gumawa ng isang luad na tasang pang-tsa na ginagamit ang pamamaraang *pinch pot*.
4. Sabihin sa kalahatan na ang mga palayok ay matatagpuan sa maraming iba't ibang kultura.

Mga kagamitan

AABC 1. Mga pampagtuturong larawan, "Seremonya ng Tsa" (6)

Iba pa 1. Luad, mga pampakintab, mga pinsel, hurnuhan (Kung walang nakalaang hurnuhan, ang mga palayok ay maaaring painitin sa isang palayukan sa katamtamang upa. Bumisita rin sa mga klase sa pamamalayok sa mga pampook na mataas na paaralan o sa mga kolehiyo.)
2. Tsang Hapon, putong Hapon, mga biskuwit
3. Mapa ng Asya

Para sa sanggunian ng guro

1. Mikami, Tsugio. *The Art of Japanese Ceramics*. Vol. 29. Tokyo: Weatherhill/Heibonsha, 1972.
2. Hayashiya, T. *Japanese Art and the Tea Ceremony*. Vol. 15. Tokyo: Weatherhill/Heibonsha, 1975.
3. Chamberlain, Basil Hall. *Japanese Things*. Tokyo: Charles Tuttle and Co., 1971.
4. Fugioka, Ryoichi. *Tea Ceremony Utensils*. Vol. 3. Tokyo: Weatherhill/Shibundo, 1968.
5. Bartholomew, Terese-Tse. *I-Hsing Ware*. New York: China Institute of America, 1977.
6. "Southwestern Pottery Today." *Arizona Highways*, May 1974.
7. Cardew, Michael. "A View of African Pottery." *Ceramics Monthly*, February 1974, 22, No. 2, 17-22.
8. Alley, Rewi. "The Pottery Center of I—Hsing." *Ceramics Monthly*, May 1975.
9. Carrico, Gerald. "A Korean Potter." *Ceramics Monthly*, June 1973.

Mga panuto

1. Ipakita ang pampagtuturong larawang, "Seremonya ng Tsa," at/o mga kasangkapang Hapones, Koreano at/o Intsik para sa tsa.

2. Ipahanap sa bata ang Hapon, Korea at Tsina sa mapa ng Asya.

3. Sabihin sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

   a. Ang tsa ay ipinakilala sa Hapon mula sa Tsina ng isang Budistang pari, si Dengyo Daishi, noong 805 A.D.

   b. May isang alamat tungkol sa pinagmulan ng tsa. Ang santong Budista, si Daruma, ay gumugol ng maraming araw ng di-pagkakatulog sa isang kuweba sa pagdarasal at paglilimi. Isang araw, hindi na siya makapanatiling gising. Nang magising siya kinaumagahan, galit na galit siya sa sarili kaya pinilas niya ang kanyang mga talukap ng mata at itinapon ang mga ito sa lupa. Himalang tumubo ang mga talukap sa unang halamang tsa na may mga dahong tulad ng mga talukap ng mga mata ni Daruma. Iyan ang dahilan kung bakit pinananatiling gising ng tsa ang isang tao.

   c. Ang mga Hapones ay may isang seremonya ng tsa na tinatawag na Cha-no-yu (茶の湯 ; sa Intsik 茶道), na kinapapalooban ng ritwal na paghahanda at pag-inom ng tsa. Gumagamit ang Cha-no-yu ng maraming magaganda at kapakipakinabang na mga kasangkapan. Ang tasang luad na pang-tsa ay ang pinakakaraniwang kilala.

   d. Sa kulturang Intsik, ang ritwal sa pag-inom ng tsa (斟茶) ang nagbabadya ng maraming tanging okasyon, tulad ng mga pag-aasawa, Bagong Taon, at mga kaarawan ng matatandang tao. Halimbawa, sa ika-70 kaarawan ng isang lolo, hinahandugan siya ng mga anak at mga apo ng tsa upang ipakita ang kanilang paggalang.

   e. Ang mga tasang pang-tsa ay kadalasang payak, may pagkamagamit, at gawang-kamay. Ang mga tasang pang-tsa at ang mga dalubsining na gumagawa ng mga ito ay iginagalang nang labis sa Asya.

Activity 4

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Associate pottery with Asian cultural values.
2. Demonstrate an appreciation for pottery and for tea ceremonies.
3. Make a tea cup using the pinch pot clay technique.
4. Generalize that pottery is found in many different cultures.

Materials

AABC 1. Teaching picture, "Tea Ceremony" (6)
Other 1. Clay, glazes, brushes, kiln (If kiln is not available, pottery can be fired at a local pottery studio for a moderate sum. Also check with pottery classes at local high schools or colleges.)
2. Green tea, rice cakes or crackers
3. Map of Asia

For teacher reference

1. Mikami, Tsugio. *The Art of Japanese Ceramics.* Vol. 29. Tokyo: Weatherhill/Heibonsha, 1972.
2. Hayashiya, T. *Japanese Art and the Tea Ceremony.* Vol. 15. Tokyo: Weatherhill/Heibonsha, 1975.
3. Chamberlain, Basil Hall. *Japanese Things.* Tokyo: Charles Tuttle and Co., 1971.
4. Fugioka, Ryoichi. *Tea Ceremony Utensils.* Vol. 3. Tokyo: Weatherhill/Shibundo, 1968.
5. Bartholomew, Terese-Tse. *I-Hsing Ware.* New York: China Institute of America, 1977.
6. "Southwestern Pottery Today." *Arizona Highways,* May 1974.
7. Cardew, Michael. "A View of African Pottery." *Ceramics Monthly,* February 1974, 22, No. 2, 17-22.
8. Alley, Rewi. "The Pottery Center of I—Hsing." *Ceramics Monthly,* May 1975.
9. Carrico, Gerald. "A Korean Potter." *Ceramics Monthly,* June 1973.

Instructions

1. Show the teaching picture, "Tea Ceremony", and/or Japanese, Korean, and/or Chinese tea utensils.

2. Have a child locate Japan, Korea, and China on the map of Asia.

3. Tell the students the following facts:

   a. Tea was introduced to Japan from China by a Buddhist priest, Dengyo Daishi, in 805 A.D.

   Recently *tsuru* has become a symbol of peace, as the dove is. A young girl was badly burned by the nuclear attack on Hiroshima and would not survive her injuries. In the hospital, she remembered *Sen Pa Zuru* and believed that by folding 1,000 cranes out of paper she would escape death. She desperately attempted to fold one crane a day but died before she could finish.

   Japanese people who oppose war now make paper cranes and string them together in memory of all the children who suffered and died in World War II. In Hiroshima today, thousands and thousands of paper *tsuru* fly at the Children's Peace Memorial.

4. Teach the children to make an origami samurai helmet, or *kabuto.* (The tsuru origami is too difficult for children to make.)

ORIGAMI NO KABUTO

1. Kumuha ng isang pirasong papel o isang papel-panlimbag na 26 na sentimetrong parisukat. Gumamit ng papel na madaling tiklupin.



2. Lupiin sa kalahati upang makabuo ng tatsulok.



3. Ilupi ang mga Sulok X sa Sulok O upang makabuo ng hugis-diyamante.



4. Ilupi ang mga Sulok X hanggang sa Sulok Z.



ORIGAMI NO KABUTO

1. Begin with a piece of paper or newsprint 26 cm (22 in) square. Use paper that is easy to fold.

2. Fold in half to form triangle.



3. **Fold Corners X to Corner O to form diamond.**



4. Fold Corners X to Corner Z.



5. Ilupi ang mga Sulok X na palayo sa Sulok Z tulad nang ipinakikita.



6. Ilupi ang harapang papel ng Sulok O patungo sa Sulok Z sa gilid ng Guhit a-b. At muli, sa gilid ng Guhit c-d.



7. Gayun din, ilupi ang hulihang papel ng Sulok O. Isuot mo na ang origaming helmet ng samurai.



5. Bilang panghalili, ang mga piñatas na papier mache ay maaring gawin upang ipakita ang pagkabagtas-kalinangang ng lilok-papel. Ang mga tabas-papel na Intsik ay maaari ring pag-aralan.

6. Tulungan ang mga bata na ipahayag sa kalahatan na ang mga pigurin at origami ay mga lilok. Ang paglililok ay isang anyo ng sining na matatagpuan sa maraming bansa at mga kultura.

5. Fold Corners X away from Corner Z as shown.



6. Fold front sheet of Corner O up toward Corner Z along Line a-b. Then again along Line c-d.



7. Similarly, fold rear sheet of Corner O. Try on your origami samurai helmet.



5. Alternatively, papier mache pinatas may be made in order to show the cross-cultural nature of paper sculpture. Chinese paper cuts may also be studied.

6. Help the children generalize that statues and origami are sculpture. Sculpture is an art form found in many countries and cultures.

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 3

Makikilala ng bata na ang pelikula at potograpiya ay mga anyo ng sining.

Gawain 6

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Maunawaan ang kahalagahan ng liwanag sa pamamaraang pampotograpiya.
2. Magpakita ng pandamang pagkita at ng mga gawang-kamay at pagbubuong kasanayan.
3. Gumawa ng potogram.

Mga kagamitan

Iba pa
1. 8" x 5" papel panretrato o contact paper (na may mababang antas na ASA), pandebelop ng retrato, hypo, tatlong bandehang pandebelop, mga gomang sipit, itim na papel-panggawa, salamin o plexiglass, masking tape, tatlong kahong kardbord, 3 malalaking piraso ng kardbord o palara
2. Mga pinagtabasan: mga pirasong papel, mga doyli, mga dahon, mga halaman, mga pako, sinulid, mga mamera, mga selyo, mga butones, atbp.
3. Gunting

Mga panuto

1. Takpan ang mga kahong kardbord ng palara o malalaking piraso ng kardbord at masking tape upang maitaboy ang liwanag (o kaya'y itaob ang mga kahon).

2. Gupitin ang isang dulo ng bawat kahon upang ang pardilya ay maibukas at maisara.

3. Haluin ang pandebelop sang-ayon sa mga panuto ng pabrikante. Ilagay ang pandebelop sa unang bandeha at ilagay ang bandehang pandebelop sa ilalim ng kahon ng kardbord.

4. Haluin ang hypo sang-ayon sa mga panuto ng pabrikante. Ilagay ang hypo sa pangalawang bandeha; ilagay ang bandeha ng hypo sa ilalim ng pangalawang kahong kardbord.

5. Maglagay ng malinis na tubig sa pangatlong bandeha. Ilagay ito sa ilalim ng pangatlong kahon.

6. Sabihin sa mga mag-aaral na magtipon ng mga pinagtabasan upang makagawa ng isang nakakaakit na kayarian para sa potogram.

7. Ipaliwanag sa mga bata ang mga potogram. Sabihin sa kanila na ang papel panretrato ay maselan sa liwanag; habang inilalalantad ito sa liwanag, lalong dumidilim ito kapag dinebelop na. Ang mga bagay na pinatong sa papel ay magtataboy ng liwanag sa dakong pinapatungan nito at nagpapaitim naman sa mga dakong nakalantad. Ganito ginagawa ang mga potogram ng mga bagay.

8. Hatiin sa maliliit na pangkat ang mga bata at tulungan silang gumawa ng mga potogram.

LEARNING OBJECTIVE 3

The child will recognize that film and photography are art forms.

Activity 6

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Understand the importance of light in the photographic process.
2. Exhibit visual perception and manipulative and organizational skills.
3. Make a photogram.

Materials

Other
1. 8" x 5" sheets of photo paper or contact paper (with low ASA rating), paper developer, hypo, 3 developing trays, rubber tongs, black construction paper, sheets of glass or plexiglass, masking tape, 3 cardboard boxes, 3 large pieces of cardboard or foil
2. Odds and ends: bits of paper, doilies, leaves, plants, ferns, string, coins, stamps, buttons, etc.
3. Scissors

Instructions

1. Cover cardboard boxes with foil or large pieces of cardboard and masking tape to keep out light (or place boxes open end down).

2. Cut one end of each box so that the flap can be raised open and lowered shut.

3. Mix developer according to manufacturer's instructions. Put developer in first tray; and place developer tray under the cardboard box.

4. Mix hypo according to manufacturer's instructions. Put hypo in second tray; place hypo tray under the second cardboard box.

5. Place clean water in the third tray. Place it under the third box.

6. Have the students collect odds and ends to make an interesting composition for a photogram.

7. Explain photograms to the students. Tell them that the photo paper is sensitive to light; the more it is exposed to light, the darker it becomes when it is "developed." Objects held flat against the paper can keep light from the areas under them, making the uncovered areas darker. That is how photograms of objects are made.

8. Work with small groups of children to make photograms.

MGA POTOGRAM

1. Hilahin ang mga papel panretrato nang isa-isa sa isang madilim na silid o sa ilalim ng isang tuwalya. Ilagay ito sa pagitan ng isang nakatiklop na itim na papel-panggawain upang maitago sa liwanag.

2. Hanggat magagawa nang mabilis, buksan ang papel-panggawain at iayos ang isang kayariang binubuo ng lubid, sinulid, mga dahon, atbp. sa makintab na bahagi ng papel panretrato. Kailangang gawin ito nang mabilis upang maiwasan ang labis na pagkalantad ng papel.

3. Maiiwasan ng plexiglass o salamin ang paggalaw ng mga bagay. Matatamo ang naiibang anyo kung babaguhin ang lugar ng mga bagay habang nakalantad.

4. Ang tagal ng paglalantad ay nagkakaiba dahilan sa kalagayan ng liwanag sa silid at ng uri ng papel. Dapat mag-eksperimento muna ang guro upang malaman ang nararapat na tagal ng paglalantad. Ang mga kalagayan sa labas ay maaaring maging napakahirap para sa mga batang mag-aaral na kayahin maliban kung kulimlim. Ang tagal ng paglalantad ay maaaring mula limang segundo hanggang sa maraming minuto.

5. Kapag nailantad na ang potogram sa nararapat na tagal, magiging kulay lila o asul ito. Alisin ang papel mula sa ilalim ng salamin at mabilis na padausdusin ito nang pabaligtad sa bandehang pandebelop. Isara ang kahon upang maitaboy ang liwanag. Idebelop ang papel sa loob ng isang minuto't kalahati. Makikita na ang potogram pagkaraan nito.

6. Sa pamamagitan ng sipit, alisin ang papel mula sa debeloper. Hayaan tumulo ang labis na debeloper. Idaan ang papel sa bandehang hypo sa tulong ng sipit. Isara ang kahon sa loob ng dalawang minuto.

7. Sa tulong ng sipit, alisin ang papel mula sa hypo at bayaang tumulo. Ilagay ang papel sa malinis na tubig. Hugasan sa loob ng 20 minuto.

8. Sa pana-panahon, palitan ang pandebelop at ang hypo lalo na kung maraming potogram ang gagawin. Ang tubig ay kailangan ding palitan.

9. Bayaang matuyo nang husto ang potogram. Huwag pagpapatung-patungin.

10. Ipatong at patuyuin ang mga potogram sa isang malaking pisarang-patungan o nang hiwa-hiwalay sa kardbord.

9. Talakayin sa mga mag-aaral ang paggawa ng mga potogram at ang mismong mga potogram.

PHOTOGRAMS

1. Pull out one sheet of photo paper at a time in a dark room or under a towel. Place between a folded sheet of black construction paper to keep light from the paper.

2. As quickly as possible, open the construction paper and arrange a composition of string, yarn, leaves, etc. on the emulsion (or shiny) side of the photo paper. This must be done quickly to prevent overexposing the paper.

3. A sheet of plexiglass or glass can keep the objects from moving. A different effect is achieved when objects are shifted during exposure.

4. Exposure time varies with the lighting conditions of the room and the type of paper. The teacher should first experiment to find the proper exposure time. Outdoor conditions are possibly too difficult for young students to manage unless it is overcast. Exposure can be any time from five seconds to several minutes.

5. When the photogram has been exposed for the proper length of time it will turn dark purple or blue. Remove the paper from under the glass and quickly slide it into the developer tray, face down. Close the box to keep out the light. Develop the paper for a minute and a half. The photogram will be visible at this stage.

6. Using tongs, remove the paper from the developer. Let the excess developer drip. Slide paper into the hypo tray with tongs. Close the box for two minutes.

7. With tongs, remove paper from hypo, letting excess drip. Place paper in clean water. Wash for twenty minutes.

8. Periodically, change the developer and hypo, *particularly if* there are a lot of photograms being made. The water should also be changed.

9. Let the photograms dry flat. Do not put one on top of another.

10. Dry mount the photograms on a large mounting board or individually on cardboard.

9. Discuss with the students the making of photograms and the photograms themselves.

Gawain 7

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Pahalagahan ang isang cartoon.
2. Talakayin at halgahan ang cartoon.

Mga kagamitan

Iba pa 1. Isang cartoon *The Stonecutter,* Western Woods, P.O. Box 501, Pasadena, CA 91102

Mga panuto

1. Ipakita ang cartoon.

2. Talakayin ang pelikula.

   Mga mungkahing tanong batay sa *The Stonecutter:*
   a. Sa inyong sariling pangungusap, sabihin kung ano ang sinasabi ng pelikula.
   b. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
   c. Ano ang ibig gawin ng kantero? Bakit?
   d. Anu-ano ang iba't ibang bagay na kinasapitan ng kantero?
   e. Ano ang nangyari sa kantero sa katapusan ng kuwento?
   f. Mayroon bang aral sa kuwentong ito? Ano ito?
   g. Ano ang cartoon?
   h. Paano ginagawa ang isang cartoon?
   i. Ano ang palagay mo sa pagkadrowing ng dalubsining sa kantero?
   j. Anu-ano ang ilang kulay na ginamit sa pelikula?
   k. Paano naiiba ang cartoon sa pelikulang may mga tunay na tao? Alin ang higit mong nagugustuhan?
   l. Nagustuhan mo ba ang pelikula? Bakit o bakit hindi?

Gawain 8

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Sabihin na ang pangkasaysayan at kasalukuyang mga pangyayari ay maaaring maitala ng mga retrato.
2. Ilarawan ang mga Asyano-Amerikano na may iba't ibang panlahing sanligan, mga karanasan, mga interes, at mga pamumuhay.
3. Paunlarin ang pandamang pagkita.
4. Pahalagahan ang potograpiya bilang anyo ng sining.

Mga kagamitan

Iba pa 1. Mga potograpikong sanaysay tulad ng nasa *In Movement,* Los Angeles: Visual Communications, 1977 at *Delta West,* Berkeley, CA: Scrimshaw Press, 1969

Mga panuto

1. Kung maaari, bumisita sa isang pampook na pagtatanghal ng retrato. Kung hindi, magsiyasat ng mga potograpikong sanaysay sa mga aklat.

   Mga mungkahing tanong batay sa *In Movement:*
   a. Sino ang kumuha ng mga larawan? Bakit?
   b. Anong mga tao ang nakikita sa larawan? Anu-ano ang kanilang mga panlahing sanligan?
   c. Anu-ano ang mga hanapbuhay nila? Saan sila nakatira?
   d. Anu-anong pangkasaysayang karanasan ang ipinakikita?
   e. Magkatulad ba ang mga kuwadro at mga retrato? Nagkakaiba? Bakit?
   f. Alam mo ba kung paano ginagawa ang mga larawan? Ipaliwanag.
   g. Kumuha ka na ba ng larawan?
   h. Ano ang ibig sabihin ng dokumentaryo?
   i. Bakit mahalaga ang mga larawang ito? Ano ang damdamin mo kapag tinitingnan mo ang mga larawang ito?
   j. Madali bang maging potograpo? Bakit o bakit hindi?

Activity 7

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Appreciate an animated film.
2. Discuss and evaluate animated film.

Materials

Other 1. An animated film such as *The Stonecutter,* Western Woods, P.O. Box 501, Pasadena, CA 91102

Instructions

1. Show the animated film.

2. Discuss the film.

Suggested questions based on *The Stonecutter* :
a. In your own words, tell what the story was about.
b. Who was the main character in the story?
c. What did the stonecutter want to do? Why?
d. What were the various things that the stonecutter became?
e. What happened to the stonecutter at the end of the story?
f. Is there a moral or lesson to this story? What is it?
g. What is an animated film?
h. How is an animated film made?
i. What did you think of the artist's drawing of the stonecutter?
j. What are some of the colors used in the film?
k. How is an animated film different from a movie with real people in it? Which do you like better? Why?
l. Did you like the film? Why or why not?

Activity 8

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. State that historical and current events can be recorded by photographs.
2. Describe Asian Americans of diverse ethnic backgrounds, experiences, interests, and lifestyles.
3. Develop visual perception.
4. Appreciate photography as an art form.

Materials

Other 1. Photographic essays such as those in *In Movement,* Los Angeles: Visual Communications, 1977, and *Delta West,* Berkeley, CA: Scrimshaw Press, 1969.

Instructions

1. If possible, visit a local photo exhibit. Otherwise, examine photo essays in books.

Suggested questions based on *In Movement:*
a. Who took the photographs? Why?
b. What people are shown in the photos? What are their ethnic backgrounds?
c. What are their occupations? Where do they live?
d. What historical experiences are shown?
e. Are paintings and photographs similar? different? How?
f. Do you know how photographs are made? Explain.
g. Have you ever taken a photograph?
h. What does "documentary" mean?
i. Why are these photographs important? What sort of feelings do you have when you look at these photographs?
j. Is it easy to be a photographer? Why or why not?

2. Tulungan ang mga bata na ipasya sa kalahatan na ang mga potogram, mga retrato, at mga pelikula ay mga anyo ng sining. Ang potograpiya at pelikula ay mga bagong anyo ng sining. Umaasa sila nang malaki sa teknolohiya. Ang mga ito ay mga "pangmasang" anyo ng sining; ibig sabihin, milyung-milyong tao ang makakakita ng isang larawan o pelikula. Ang higit pang makateknolohiya at "pangmasang" media, tulad ng radyo at telebisyon, ay pinanonood at pinapakinggan nang sabay-sabay ng milyung-milyong tao.

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 4

Makikilala ng bata na ang musika ay isang anyo ng sining.

Gawain 9

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Umawit ng isang awiting-bayan.
2. Unawain ang kahulugan ng mga titik-awitin.
3. Kilalanin ang mga salitang magkakatugma sa isang awit.
4. Sumulat ng taludtod para sa awit.

Mga kagamitan

AABC 1. Papel-musika, "When I First Came to This Land," (21-22)

Iba pa 1. Instrumento sa musika para pansaliw tulad ng gitara o piyano (opsiyonal)

Mga panuto

1. Tugtugin at awitin ang "When I First Came to This Land," isang kinaugaliang awiting-bayang Amerikano.

2. Talakayin ang awit.

   Mga mungkahing tanong:
   a. Tungkol kanino sa palagay mo ang awiting ito?
   b. Anong bayan sa palagay mo ang inaawitan niya?
   c. Saan sa palagay mo siya nanggaling?
   d. Bakit sa palagay mo'y nagtungo siya sa bayang ito?
   e. Anu-ano ang ilang bagay na natamo niya nang magtungo siya sa bayang ito?
   f. Ano ang ibig niyang sabihin sa mga salitang "I did what I could"?

2. Help the children generalize that photograms, photographs, and films are art forms. Photography and film are relatively new art forms. They depend a great deal on technology. They are also "mass" art forms; i.e., millions of people can see one photograph or one film. Even more technological and more "mass" media, such as radio and television, enable millions to watch or listen to the same thing at the same moment.

LEARNING OBJECTIVE 4

The child will recognize that music is an art form.

Activity 9

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Sing a folk song.
2. Understand the meaning of the lyrics.
3. Identify the rhyming words in a song.
4. Write a verse for a song.

Materials

AABC 1. Sheet music, "When I First Came to This Land" (21-22)

Other 1. Musical instrument for accompaniment, such as guitar or piano (optional)

Instructions

1. Play and sing the song, "When I First Came to This Land," a traditional American folksong.

2. Discuss the song.

   Suggested questions:
   a. Whom do you think this song is about?
   b. What land do you think he is singing about?
   c. Where do you think he came from?
   d. Why do you think he came to this land?
   e. What are some of the things he got when he came to this land?
   f. What does he mean when he says, "I did what I could"?

g. Ano ang itinawag niya sa kaniyang kubo?
h. Ano sa palagay mo ang damdamin ng mang-aawit para sa bayang ito?
i. Bakit sa palagay mo ay nasabi niyang "The land was sweet and good"?
j. Ano ang nadama mo nang mapunta ka sa bayang ito?
k. Anu-anong pagbabago o paghihirap ang hinaharap mo?
l. Palagay mo kaya'y madaling lumipat sa isang bagong bayan?

3. Hayaang matutuhan ng mga mag-aaral ang awit. Ulit-ulitin ang bawat bahagi ng awit hanggang sa matutuhan ang himig at titik-awitin nito.

4. Hayaang piliin ng mga mag-aaral ang mga magkakatugmang salita sa awit; hal., "shack-back," "good-could," atbp.

5. Sabihin sa mga mag-aaral na gumawa ng sarili nilang mga titik-awitin sa pamamagitan ng pagpapalit ng ibang salita, (tulad ng "cow," "duck," "wife," atbp.) para sa "shack" at ng paglikha ng ibang magkatugmang parirala sa halip na "Break My Back."

Halimbawa:

So I got myself a *cow*
And I did what I could

And I called my *cow*
"No Milk Now."

Maraming taludtod ang malilikha sa ganitong paraan. Ang iba pang mga halimbawa ay:

Duck--out of luck
Wife--run my life
School--don't be a fool
Store--want some more
Car--won't go far

Awitin ang apat na panggitnang linya ng maraming ulit hangga't ninanais. Upang wakasan ang awit, kantahin ang huling dalawang linya.

6. I-tape habang inaawit ito ng mga mag-aaral at/o ipaawit ito sa harap ng mga nakikinig.

g. What did he call his shack?
h. What do you think the singer felt about this country?
i. Why do you think he said "The land was sweet and good"?
j. How did you feel when you came to this country?
k. What changes or difficulties did you have to deal with?
l. Do you think it is easy to move to a new land?

3. Have the students learn the song. Go over one section of the song at a time until the tune and lyrics are learned.

4. Have the students pick out the rhyming words in the song; e.g., shack-back, good-could, etc.

5. Have the students make up their own lyrics by substituting another word, (such as cow, duck, wife, etc.) for "shack" and making up another rhyming phrase instead of "Break My Back."

   For example:

   So I got myself a *cow*
   And I did what I could

   And I called my *cow*
   "No Milk Now."

   An infinite number of verses can be made this way. Other examples are:

   Duck--out of luck
   Wife--run my life
   School--don't be a fool
   Store--want some more
   Car--won't go far

   Sing the middle four lines as many times as desired. To end the song, sing the last two lines.

6. Tape the students singing the song and/or have them sing the song before an audience.

Gawain 10

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Umawit ng isang awiting-bayan.
2. Unawain ang mga titik-awitin ng isang awit.
3. Pahalagahan ang awiting-bayan bilang isang anyo ng sining.
4. Kilalanin ang mga instrumento sa musika na ginagamit ng iba't ibang kultura.
5. Pahalagahan ang musika na mula sa iba't ibang kultura.
6. Gumawa ng tamburin.

Mga kagamitan

AABC
1. Papel-musika, "Kaeru No Uta" (23)
2. Mga pampagtururong larawan, "Mga Instrumento sa Musika" (24-26)

Iba pa
1. Mga instrumento sa musika na pansaliw
2. Dalawang platong papel bawat mag-aaral, tuyong macaroni, pintura, kola, crepe paper

Mga panuto

1. Awitin ang "Kaeru No Uta" o ibang awiting-bayang Asyano.

2. Kapag inawit ninyo ang "Kaeru No Uta," ipaliwanag na ito ay awit ng mga bata mula sa Hapon. Ang awit ay tungkol sa mga palaka. Ito ay "paikut-ikot" at inaawit ng maraming ulit ng iba't ibang pangkat na nagsisimula sa inayos na paraan.

   Ituro sa mga mag-aaral ang salin sa Ingles ng titik-awitin.

   Mga mungkahing tanong:
   a. Ano ang "kaeru"?
   b. May alam ka bang iba pang awit tungkol sa mga palaka? Iba pang mga hayop?
   c. May tunog ba ng boses-palaka ang awit?
   d. Ano ang "paikot-ikot"?

   Balikan ang mga titik-awitin at musika at ituro ang awit. Ipaawit sa mga mag-aaral. Pagkatapos malaman nila ang awit, subuking awitin ito nang paikut-ikot. (Magsisimula ang pangalawang pangkat pagkatapos awitin ng una ang "Kaeru.")

3. Ipakita ang mga pampagtururong larawan, "Mga Instrumento sa Musika." Tulungan ang mga bata sa pagkilala ng bawat isa at ang kulturang nauugnay dito. Kung maaari, magpatugtog ng mga plakang maaaring makilala ang mga instrumento sa musika. Ang bahagi sa musika ng karamihan sa mga aklatan ay isang kapaki-pakinabang na sanggunian. Isa pang mapagpipilian ay ang pagdalo sa isang pagtatanghal sa musika o ang panonood ng isang pelikula tungkol sa musika; hal., "Discovering the Music of Japan."

4. Talakayin ang musikang pinakinggan ng klase.

   Mga mungkahing tanong:
   a. Ano ang masasabi ninyo sa musikang napakinggan ninyo?
   b. Anu-ano ang mga instrumentong natutuhan ninyo?
   c. Ang lahat ba ng mga instrumento ay magkakatulad ng tunog?
   d. Ang lahat ba ng musika ay magkakatulad ng tunog?
   e. Ipinadarama ba sa inyo ng musika ang ilang mga damdamin o ilang mga kuru-kuro? Anu-ano ang mga ito?
   f. Anu-anong instrumento ang narinig mo na?
   g. Tumutugtog ka ba ng instrumento? Ano?
   h. Gawa sa anong sangkap ang iba't ibang instrumento?
   i. Paano nagkakatulad ang ilang instrumento? Paano nagkakaiba?
   j. Sino ang kinagigiliwan mong manunugtog? Mang-aawit?
   k. Ano ang kinagigiliwan mong awit? Uri ng musika?
   l. Kailangan bang malaman mo ang wika ng isang awit upang mapahalagahan ito? Bakit? Bakit hindi?

5. Magpagawa ng mga tamburin sa mga bata tulad ng mga sumusunod:

   a. Pintahan ang ilalim ng dalawang platong papel.
   b. Maglagay ng ilang tuyong makaroni sa isang plato.
   c. Ikola ang pangalawang plato sa unang plato.
   d. Kabitan ng mga banderang crepe paper.

6. Tulungan ang mga batang sabihin sa kalahatan na ang musika ay isang anyo ng sining na matatagpuan sa lahat ng kultura. Iba't ibang uri ng musika at mga instrumento sa musika ang pinatutugtog ng iba't ibang kultura.

Activity 10

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Sing a folk song.
2. Understand the lyrics of the song.
3. Appreciate the folk song as an art form.
4. Identify musical instruments used by various cultures.
5. Appreciate music from various cultures.
6. Make a tambourine.

Materials

AABC
1. Sheet music, "Kaeru No Uta" (23)
2. Teaching pictures, "Musical Instruments" (24-26)

Other
1. Musical instruments for accompaniment
2. Two paper plates per student, dry macaroni, paint, glue, crepe paper

Instructions

1. Sing "Kaeru No Uta" or another Asian folksong.

2. If you sing "Kaeru No Uta," explain that it is a children's song from Japan. The song is about frogs. It is a "round," sung several times by different groups starting in staggered sequence.

   Teach the students the English translation of the lyrics.

   Suggested questions:
   a. What is a "kaeru"?
   b. Do you know any other songs about frogs? Other animals?
   c. Does the song sound like a frog's voice?
   d. What is a "round"?

   Go over the lyrics and music with the students and teach the song. Have the students sing the song. After they are familiar with the song, try singing it in a round. (The second group begins after the first has sung "Kaeru.")

3. Show the teaching pictures, "Musical Instruments." Assist the children in identifying each one and the culture it's associated with. If possible, play records wherein the musical instruments can be identified. The music section of most libraries is a useful resource. Alternatively, arrange for the class to attend a live musical performance, or to view a film on music; e.g., "Discovering the Music of Japan."

4. Discuss the music the class listened to.

   Suggested questions:
   a. What did you think of the music you just heard?
   b. What instruments did you learn about?
   c. Do all instruments sound alike?
   d. Does all music sound alike?
   e. Can music make you feel certain emotions or think about certain ideas? What?
   f. What instruments have you heard?
   g. Do you play an instrument? What?
   h. What are various instruments made of?
   i. How are some instruments similar? Different?
   j. Who is your favorite musician? singer?
   k. What is your favorite song? type of music?
   l. Do you have to know the language of a song to appreciate it? Why or why not?

5. Have the children make tambourines, as follows:

   a. Paint the underside of two paper plates.
   b. Place some dry macaroni in one plate.
   c. Glue the second plate over the first.
   d. Attach crepe paper streamers.

6. Help the children generalize that music is an art form found in all cultures. Different kinds of music and musical instruments are played by various cultures.

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 5

Makikilala ng bata na ang sayaw at dula ay mga anyo ng sining

Gawain 11

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Malugod sa isang pagtatanghal ng dula o sayaw.
2. Magpahayag ng mga damdamin tungkol sa isang pagtatanghal ng sayaw o dula.
3. Gumawa ng prop para sa isang sayaw.
4. Magtanghal ng isang maikling pagganap ng isang sayaw.

Mga kagamitan

AABC 1. Gawaing papel, "Paruparo" (27)

Iba pa 1. Pelikula ng mga tanghalang-sining tulad ng *Night at the Peking Opera*, Radim Films, Inc., 17 West 60th Street, New York, NY 10023
2. Mga pintura, mga krayola, mga felt tip marker, mga panghithit na plastik, tape, gunting, kola, pakislap

Mga panuto

1. Magpakita ng isang pelikula ng tanghalang-sining at talakayin ito. Pansinin na ang mga bahagi o ang buong pelikula ay maaaring nasa wikang dayuhan. Talakayin kung ano ang nadarama ng mga mag-aaral tungkol dito.

   Mga mungkahing tanong batay sa *Night at the Peking Opera:*
   a. Ano ang palagay mo sa mga sayaw na nasa pelikula?
   b. Ano ang palagay mo sa mga kasuotan? Sa mga prop?
   c. Aling tauhan ang nagustuhan mo sa lahat? Bakit?
   d. Aling tauhan ang pinakahuli mong nagustuhan? Bakit?
   e. Nakakita ka na ba ng isang sayaw o isang dula? Ilarawan ito. Paano ito nagkakatulad? Paano ito nagkakaiba?
   f. Ano ang nagustuhan mo sa lahat tungkol sa pelikulang ito? Bakit?
   g. Palagay mo kaya'y madaling magtanghal ng sayaw? Bakit? Nais mo bang subukan?

2. Kung maaari, magsagawa ng isang pamamasyal sa isang pagtatanghal ng dula o sayaw.

3. Magpagawa sa mga bata ng isang paruparong-papel na prop, tulad ng sumusunod:

   a. Gumupit ng paruparo mula sa gawaing papel.
   b. Ilagay ang paruparo sa ibabaw ng papel-panggawain at gamitin itong huwaran. Bakasin sa palibot ang paruparo at gupitin.
   c. Pintahan o palamutihan ang paruparo ng mga felt tip pen, mga krayola, mga pintura at pakislap.
   d. Pagkabitin ang tatlong panghithit na plastik sa pamamagitan ng pagyupi sa mga dulo at pagdugtong sa mga ito. Patibayin ang mga dugtong ng masking tape.
   e. I-tape ang paruparo sa mga panghithit.

4. Pagbalik-aralan ang bahagi ng pelikula nang ang leon ay nakikipagsayaw sa paruparo. Ipagamit sa mga bata ang kanilang mga prop na paruparo at magpatanghal ng isang maikling pagganap ng sayaw na iyon.

LEARNING OBJECTIVE 5

The child will recognize that dance and drama are art forms.

Activity 11

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Enjoy a dance or dramatic production.
2. Express feelings about a dance or dramatic production.
3. Make a stage prop for a dance.
4. Perform a short interpretation of a dance.

Materials

AABC 1. Worksheet, "Butterfly" (27)

Other 1. Performing arts film, such as *Night at The Peking Opera,* Radim Films Inc., 17 West 60th Street, New York, NY 10023
2. Paints, crayons, felt-tip markers, plastic straws, tape, scissors, glue, glitter

Instructions

1. Show a performing arts film and discuss it. Note that parts or all of the film may be in a foreign language. Discuss how students feel about this.

   Suggested questions based on *Night at the Peking Opera:*
   a. What did you think of the dances in the film?
   b. What did you think of the costumes? Props?
   c. Which character did you like the best? Why?
   d. Which character did you like the least? Why?
   e. Have you ever seen a dance or play before? Describe it. How was it similar? Different?
   f. What did you like best about this film? Why?
   g. Do you think it is easy to perform a dance? Why? Would you like to try?

2. If possible, arrange a field trip to a live dance or dramatic performance.

3. Have the children make a paper butterfly stage prop, as follows:
   a. Cut out the butterfly from the worksheet.
   b. Place the butterfly on top of construction paper and use it as a pattern. Trace around the butterfly and cut it out.
   c. Paint or decorate the butterfly with felt-tip pens, crayons, paints, and glitter.
   d. Join three plastic straws together by pinching the ends and pushing them together. Reinforce the joints with masking tape.
   e. Tape the butterfly to the straw.

4. Review with the students the part of the film when the lion dances with the butterfly. Have the students use their butterfly props and perform a short interpretation of the same dance.

Gawain 12

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Isadula ang isang maikling skit na may mga tau-tauhan.
2. Gumawa ng isang pandaliring tau-tauhan.
3. Sabihin na ang dulang tau-tauhan ay isang anyo ng sining.
4. Gumawa ng pantanghalang tanawin.

Mga kagamitan

AABC 1. Kuwentong-aklat,"Ang Araw, ang Buwan at ang mga Bituin"
2. Kuwentong-aklat, Ang Mahiwagang Pinsel in Hsiao San

Iba pa 1. Mga pinturang pampaskil, mga pinsel, mga sinulid, mga pirasong tela, mga "natagpuang bagay" bilang kagamitan, kola, papel-panggawain o mabigat na kartolina, kompas, panukat
2. Hume, Lotta Carswell. *Favorite Children's Stories from China and Tibet.* Tokyo: Charles Tuttle, 1962.

Mga panuto

1. Bumasa ng isang kuwentong-kababalaghang Asyano at talakayin ang kuwento.

2. Magpagawa sa mga mag-aaral ng mga pandaliring tau-tauhan tulad ng sumusunod:

   a. Gumawa ng bilog na may 3" radius sa isang mabigat na kartolina.
   b. Gupitin ang kahabaan ng radius at bumuo ng isang kono.
   c. Gumawa ng isa pang bilog na may 1" radius.
   d. Magdrowing ng mukha sa bilog at pintahan ito ng water-color o mga pinturang pampaskil.
   e. Ikola ang mga estambre sa bilog bilang mga buhok.
   f. Ikola ang bilog sa kono upang makabuo ng mukha at katawan ng tau-tauhan.
   g. Idagdag ang mga braso at paa. Palamutihan ang tau-tauhan ayon sa kagustuhan.

3. Magpinta ng tanawin sa isang malaking pirasong kardbord o papel-panggupitin at i-tape ang papel sa dingding na kung saan maisasadula ang isang maikling skit. Kung mayroong tanghalang pantau-tauhan, magpadisenyo ng tanawin sa mga mag-aaral upang itugma sa tanghalan.

4. Hayaang sama-samang magtrabaho ang mga pangkat ng mga mag-aaral upang maisadula ang isang maikling skit batay sa isa sa mga kuwentong-kababalaghan.

   Ipatanghal sa bawat grupo ang kanilang skit para sa klase.

5. Tulungan ang mga mag-aaral na ipasya sa kalahatan na ang sayaw at dula ay mga anyo ng sining.

Activity 12

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Enact a short skit with puppets.
2. Make a finger puppet.
3. State that puppet drama is a form of art.
4. Make stage scenery.

Materials

AABC
1. Storybook, "The Sun, the Moon, and the Stars"
2. Storybook, "Hsiao San's Magic Brush"

Other
1. Poster paints, brushes, yarns, cloth scraps, "found objects" as accessories, glue, construction paper or tagboard, compass, ruler
2. Hume, Lotta Carswell. *Favorite Children's Stories From China and Tibet.* Tokyo: Charles Tuttle, 1962

Instructions

1. Read an Asian fairytale and discuss the story.

2. Have the students make finger puppets to portray the characters as follows:

   a. Make a circle with a 3" radius out of tagboard.
   b. Cut along the radius and form a cone.
   c. Make another circle with a 1" radius.
   d. Draw a face in the circle and paint it with watercolor or poster paints.
   e. Glue yarn to the circle as hair.
   f. Glue the circle to the cone to form the puppet's face and body.
   g. Add arms and legs. Decorate the puppet as desired.

3. Paint scenery on a large piece of cardboard or butcher paper and tape the paper on a wall where a short skit can be enacted. If a puppet theater is available, have the students design scenery to fit the stage.

4. Have groups of students work together to enact a short skit based on one of the fairytales.

   Have each group perform its skit for the rest of the class.

5. Help the students generalize that dance and drama are art forms.

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 6

Makikilala ng bata na ang panitikan ay isang anyo ng sining.

Gawain 13

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Kilalanin ang mga tula bilang mga anyo ng sining.
2. Magpakita ng pagpapahalaga sa mga tula.
3. Sabihin na ang haiku ay nagmula sa Hapon.
4. Sumulat ng isang haiku.

Mga kagamitan

Iba pa 1. Papel, lapis, mga halimbawa ng haiku

Mga panuto

1. Bumasa ng mga halimbawa ng haiku tulad ng:

a. ang tutubing	omatsuri ni
nakadamit na pula	aka idedachi no
sa pistahan pumunta	tombo kana
b. isang suso	katasumuri
maikling sungay,	naniomou tsuno
kabila'y mahaba	
anong bumabagabag sa	naga mijika
kanya	
c. sa panggabing simoy	yukaze ya
ang mga puting rosas	shirobara no hana
kumilos lahat	mina ugoku
d. humikbi ang bata	meigetsu no
"ibigay mo sa akin"	totte kure ro to
ang maliwanag na	naku ko kana
buwan	

2. Talakayin ang mga tula. Sabihin sa mga bata ang mga sumusunod:

   a. Ang tula ay isang anyo ng sining; nakapaglalahad ito ng mga kuru-kuro at mga damdamin.
   b. Ang haiku ay isang uri ng tula mula sa Hapon.
   c. Ang haiku ay binubuo ng tatlong linya. Ang unang linya ay may limang pantig. Ang pangalawang linya ay may pitong pantig. Ang pangatlong linya ay may limang pantig. Ang huling linya ay kadalasang nagbibigay ng di-inaasahang kahalagahan sa unang dalawang linya.
   d. Ang mga manunulang Hapones na nagsusulat ng haiku ay gumagamit kadalasan ng kalikasan ng mga panahon at mga hayop bilang mga kuru-kuro sa kanilang mga tula.

   Mga munghaking tanong:
   a. Ano sa palagay mo ang sinisikap na ipahayag ng makata sa haiku?
   b. Maaari bang magkaroon ng higit sa isang kahulugan ang tulang ito?
   c. Ang tula ba sa palagay mo ay isang mainam na paraan ng pagsasabi sa mga tao ng tungkol sa mga kuru-kuro at mga damdamin? Bakit o bakit hindi?

3. Hayaang sumulat ang mga bata ng sarili nilang haiku.

4. Hayaang bigkasin ng mga bata ang haiku.

LEARNING OBJECTIVE 6

The child will recognize that literature is an art form.

Activity 13

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Identify poems as art forms.
2. Demonstrate an appreciation for poetry.
3. State that haiku originated in Japan.
4. Write a haiku.

Materials

Other 1. Paper, pencil, examples of haiku

Instructions

1. Read examples of haiku to the students such as:

   a. the dragonfly — omatsuri ni
      in red clothes — aka idedachi no
      off to the festival — tombo kana

   b. a snail — katasumuri
      one horn short, one long — naniomou tsuno
      what troubles him — naga mijika

   c. in the evening breeze — yukaze ya
      the white roses — shirobara no hana
      all move — mina ugoku

   d. the child sobs — meigetsu no
      "give it to me" — totte kure ro to
      the bright full moon — naku ko kana

2. Discuss the poems. Tell the students the following:

   a. Poetry is a form of art; it can express ideas and feelings.
   b. Haiku is a type of poem from Japan.
   c. Haiku are made of three lines. The first line has five syllables. The second line has seven syllables. The third line has five syllables. The last line often gives an unexpected significance to the first two lines.
   d. Japanese poets who write haiku often use nature, the seasons, and animals as ideas in their poems.

   Suggested questions:
   a. What do you think the poet was trying to express in the haiku?
   b. Can this poem have more than one meaning?
   c. Do you think poems are a good way to tell people about ideas or feelings? Why or why not?

3. Have the students write their own haiku.

4. Have the students recite the haiku.

Gawain 14

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Pahalagahan ang mga katha-katha, mga alamat at mga kuwentong-multo bilang mga anyo ng panitikan.
2. Lumikha ng isang katha-katha.
3. Maglarawan ng isang katha-katha sa limbag-papel.

Mga kagamitan

Iba pa
1. Paskilan o papel-panggawain, mga lapis, mga brayer, linoleo o salamin, tintang panlimbag na nahuhugasan ng tubig, kola, newsprint
2. Aruego, Jose. *Juan and the Asuangs.*

Para sa sanggunian ng guro

1. Burland, Cottie. *Norther American Indian Mythology.* New York: Hamlyn-America, 1965.
2. Christie, Anthony. *Chinese Mythology.* New York: Hamlyn-America, 1968.
3. Diggot, Juliet. *Japanese Mythology.* New York: Hamlyn-America, 1969.
4. Hern, Lafcadio. *Kwaidan.* New York: Dover, 1968.
5. Hulme, Lotta Carswell. *Favorite Children's Stories From China and Tibet.* Tokyo: Charles Tuttle, 1962.
6. Nicholson, Irene. *Mexican and Central American Mythology.* New York: Hamlyn-America, 1967.
7. Parninder, Geofrey. *African Mythology.* New York: Hamlyn-America, 1967.

Mga panuto

1. Basahin at talakayin ang mga katha-katha, mga alamat at/o mga kuwentong-multo mula sa iba't ibang bansa, tulad ng *Juan and ihe Asuangs.* Ang aswang ay isang masamang nilalang sa mga kuwentong-bayan sa Pilipinas.

Mga mungkahing tanong:
a. Mayroon nga bang multo?
b. Sa palagay mo, bakit naniniwala ang ilang tao sa mga multo, mga mangkukulam, mga kababalaghang tao, atbp.?
c. Ano ang kathang-agham?
d. Narinig na ba ninyo ang iba pang maalamat na nilalang (hal., ang dambuhalang Loch Ness, si Bigfoot, si Drakula, atbp.)?
e. Paano nagsimula ang mga katha-katha at mga alamat?
f. Makakagawa ka ba ng sarili mong kuwentong-multo? Alamat o katha-katha?

2. Hayaang gumawa ang mga bata ng "limbag-papel" ng sarili nilang mga katha-kathang nilalang.

LIMBAG-PAPEL

1. Idrowing ang nilalang sa isang kardbord o papel-panggawain.

2. Gupitin ang anyo at idikit ito sa isa pang kardbord.

3. Gumupit ng maliliit na piraso para sa mga mata, bibig, atbp., at ikola ang mga piraso sa tamang lugar sa ginupit na anyo.

4. Ipagpatuloy ang paggupit ng mga piraso para sa bawat bahagi ng nilalang at ikola ang mga ito sa anyo nang sa gayon ang anyo ay binubuo ng iba't ibang ginupit na piraso. Patuyuin.

5. Magpiga ng kaunting tintang panlimbag na nahuhugasan ng tubig sa isang pirasong salamin o linolio. Tintahan ang brayer.

6. Pagulungin ang brayer sa ibabaw ng ginupit na anyo upang matintahan ito nang pantay.

7. Maglagay sa ibabaw ng anyo ng isang papel-panlimbag na malaki nang bahagya kaysa sa kardbord. Tiyakin na hindi magalaw ang papel dahilan sa magiging malabo ang kopya.

8. Kumuha ng isang malinis na brayer at pagulungin ito sa ibabaw ng papel-panlimbag upang mailipat ang anino ng anyo sa papel.

9. Alisin nang maingat ang papel-panlimbag at hayaang matuyo. Ang anino ng nilalang ay dapat lumitaw sa papel-panlimbag.

10. Dahil sa ito ay isang limbag, mahigit sa isang kopya ang magagawa mula sa kardbord na "master." Ulitin ang paraan mula sa pamamaraan bilang lima.

Activity 14

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Appreciate myths, legends, and ghost stories as forms of literature.
2. Create a myth.
3. Illustrate a myth with a paper print.

Materials

Other
1. Tagboard or construction paper, pencils, brayers, linoleum or glass, water soluble printing ink, glue, newsprint
2. Aruego, Jose. *Juan and the Asuangs*

For teacher reference

1. Burland, Cottie. *North American Indian Mythology.* New York: Hamlyn-America, 1965.
2. Christie, Anthony. *Chinese Mythology.* New York: Hamlyn-America, 1968.
3. Diggot, Juliet. *Japanese Mythology.* New York: Hamlyn-America, 1969
4. Hern, Lafcadio. *Kwaidan,* New York: Dover, 1968.
5. Hulme, Lotta Carswell. *Favorite Children's Stories From China and Tibet.* Tokyo: Charles Tuttle, 1962.
6. Nicholson, Irene. *Mexican and Central American Mythology.* N.Y.: Hamlyn-America, 1967.
7. Parninder, Geofrey, *African Mythology.* New York: Hamlyn-America, 1967.

Instructions

1. Read and discuss myths, legends and/or ghost stories from various countries, such as *Juan and the Asuangs.* An *asuang* is an evil creature in Philippine folklore.

Suggested questions:
a. Are there such things as ghosts?
b. Why do you think some people believe in ghosts, witches, fantasy creatures, etc.?
c. What is science fiction?
d. Have you heard of other mythical creatures (e.g., the Loch Ness monster, Bigfoot, vampires, etc.)?
e. How do you think myths and legends come about?
f. Can you make up your own ghost story, legend or myth?

2. Have the students make a "paper print" of their own mythical creatures.

PAPER PRINT

1. Draw the creature on a piece of tagboard or construction paper.

2. Cut out the figure and paste it on another piece of tagboard.

3. Cut out smaller pieces for eyes, mouth, etc., and glue the pieces in place on the cut-out figure.

4. Continue cutting out pieces for each part of the creature and gluing them to the figure so that the figure is composed of various cut-out pieces. Let dry.

5. Squeeze out some water soluble printer's ink on a piece of glass or linoleum. Ink the brayer.

6. Roll the brayer over the cut-out figure to cover it evenly with ink.

7. Place a sheet of newsprint that is slightly larger than the tagboard over the figure. Be sure not to shift the paper or the print will be blurred.

8. Get a clean brayer and roll it over the newsprint to transfer the figure's image to the paper.

9. Remove the newsprint carefully and let dry. The image of the creature should appear on the newsprint.

10. Since this is a print, more than one print can be made from the tagboard "master." Repeat the process from step five.

Pagtitining na Gawain

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Gumawa ng hanap-salitang palaisipan ng mga katawagan sa sining.
2. Hanapin sa hanap-salitang palaisipan ang mga katawagan sa sining.

Mga panuto

1. Sabihin sa bawat bata na gumawa ng hanap-salitang palaisipan na ginagamit ang mga katawagan sa sining na nakatala sa ibaba.

drowing	origami
pagpipinta	pelikula
dilaw	larawan
asul	musika
pula	sayaw
karikatura	tau-tauhan
pinsel	haiku
haniwa	bugtong
lilok	katha-katha

   Ang mga salita ay maaaring nakatagong pahilis, pahalang, patayo o pabaligtad.

2. Hayaang ipasa ng bata sa iba ang kanyang palaisipan. Dapat hanapin ng ikalawang bata ang natatagong mga salita. Ang palaisipan ay iwawasto ng unang bata.

Culminating Activity

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Make a word maze of art terms.
2. Find art terms in a word maze.

Instructions

1. Have each child make a word maze using the art terms listed below.

drawing	origami
painting	film
yellow	photo
blue	music
red	dance
cartoon	puppet
brush	haiku
haniwa	riddle
sculpture	myth

   The words may be hidden diagonally, horizontally, vertically and in reverse directions.

2. Have each child pass his/her maze to another. The second child is to find the hidden words. The maze will be corrected by the first child.

Pang-isipang Pahayag III

Ang sining ay isang mahalagang aspekto ng bawat kultura.

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 1

Makikilala ng bata ang mga pagkakatulad at mga pagkakaiba sa sining ng iba't ibang kultura.

Mga Gawain 1-2

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 2

Makikilala ng bata na ang mga anyo ng sining ng isang kultura ay natitiyak, sa isang banda, ng kadalian sa pagkuha ng mga hilaw na kagamitan.

Mga Gawain 3-4

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 3

Makikilala ng bata na ang sining kung minsan ay isang pandaigdigang paraan ng pakikipagtalastasan na maaaring bagtasin ang mga pangkultura at pangwikang hadlang.

Mga Gawain 5-7
Pagtitining Na Gawain

Conceptual Statement III

Art is an important aspect of every culture.

LEARNING OBJECTIVE 1

The child will recognize similarities and differences in the art of various cultures.

Activities 1-2

LEARNING OBJECTIVE 2

The child will recognize that the art forms of a culture are determined, in part, by the accessibility of raw materials.

Activities 3-4

LEARNING OBJECTIVE 3

The child will recognize that art is sometimes a universal means of communication that can cross cultural and language barriers.

Activities 5-7
Culminating Activity

PAMPAGKATUTONG LAYUNIN 1

Makikilala ng bata ang mga pagkakatulad at mga pagkakaiba sa sining ng iba't ibang kultura.

Gawain 1

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:

1. Ilarawan ang tungkulin ng isang selyo sa koreo.
2. Ipamalas ang pagpapahalaga sa pansining na kahalagahan ng isang selyo.
3. Kilalanin ang pansalaping kahalagahan ng isang selyo.
4. Sabihin sa kalahatan na karamihan ng mga bansa ay gumagamit ng mga selyo sa koreo.
5. Ihambing at bigyang-kaibhan ang mga selyo sa koreo ng E.U. sa mga selyo mula sa ibang bansa.

Mga kagamitan

Iba pa
4. Pahalagahan ang makasining na mga ambag ni Noguchi.
5. Hakain ang paghahanapbuhay bilang isang dalubsining.

Mga kagamitan

AABC
1. Kuwentong aklat, "Ulat ni Mitsuo"
2. Kuwentong aklat, "Sining ni Bayani"
3. Kuwentong aklat, "Botong"
4. Mga Larawang Araling Asyano-Amerikano, "Barbara Chun, Mananayaw"

Iba pa
1. Tobias, Tony. *Isamu Noguchi: The Life of a Sculptor.* New York: Thomas Y. Crowell Company, 1974.
2. Mga hanger, sinulid o pising nylon sa pangingisda, kardbord, pinturang pampaskil, mga pinsel, pambutas ng papel

f. To make a bridle for the kite, tie a string from the intersection to the bottom of the frame, or from the top to bottom. Then fasten kite string at a point even with or slightly lower than the intersection.
g. Add a crepe paper tail if the kite does not seem balanced.

4. After flying kites with the children in a safe open area, have them write stories about the travels and adventures of a kite.

5. Have the children ask their parents, friends, the librarian, or a toy store owner about other forms of recreation which have artistic qualities. For example, playing cards with intricately decorated backs and faces are found in Asian and European cultures. Have the children report on these games.

LEARNING OBJECTIVE 2

The child will recognize that art can be a source of livelihood.

Activity 6

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Identify at least three Asian Americans who make a living as artists.
2. State that Isamu Noguchi is a Japanese American sculptor.
3. Understand that Noguchi's life as an artist was not always easy.
4. Appreciate Noguchi's artistic contributions.
5. Speculate on making a living as an artist.

Materials

AABC
1. Storybook, "Mitsuo's Report"
2. Storybook, "Bayani's Art"
3. Storybook, "Botong"
4. Asian American Study Prints, "Barbara Chun, Dancer"

Other
1. Tobias, Tony. *Isamu Noguchi: The Life of a Sculptor.* New York: Thomas Y. Crowell Company, 1974
2. Coat hangers, string or nylon fishing line, cardboard, poster paint, brushes, paper hole puncher

Para sa sanggunian ng guro

1. "Val Laigo," Asian American Image Posters, Washington SPI, Olympia, WA.
2. "Dong Kingman," Asian American Image Posters, Washington SPI, Olympia, WA.
3. "Randall Duk Kim," Asian American Image Posters, Washington SPI, Olympia, WA.
4. "I.M. Pei," Asian American Image Posters, Washington SPI, Olympia, WA.

Mga panuto

1. Basahin ang aklat na *Isamu Noguchi* o ang isa sa mga nakatalang kuwentong aklat. Gayun din, maaaring anyayahan ang isang dalubsining mula sa pamayanan upang magsalita sa klase.

   Talakayin nang puspusan si Isamu Noguchi o iba pang dalubsining. Bukod sa manunulat na si Toshio Mori (sa "Ulat ni Ichiro") o sa muralistang si Carlos Francisco (sa "Botong"), maaaring talakayin ng klase ang sinematograpong si James Wong Howe o ang manunulat na si Carlos Bulosan.

   Mga mungkahing tanong batay kay Isamu Noguchi:
   a. Ano ang nasyonalidad ni Isamu Noguchi? Ng kanyang ina? Ng kanyang ama?
   b. Bakit tinutukso si Isamu ng kanyang mga kamag-aaral? Mabuti ba ang dahilan? Bakit o bakit hindi?
   c. Saan tumira si Isamu nang maliit pa siyang bata? Ano ang buhay niya noon?
   d. Bakit nakadarama siya ng kaibhan at lungkot?
   e. Saan siya tumira nang lumipat siya sa Amerika?
   f. Ano ang uri ng pamumuhay niya sa Indiana?
   g. Sino si Dr. Rumley? Paano niya natulungan si Isamu?
   h. Ano ang natutuhan ni Isamu nang tumigil siya kina Gutzon Borgium?
   i. Ano ang pinangarap ni Isamu kapag lumaki na siya?
   j. Bakit hinangaang mabuti ni Isamu ang lilok ni Brancusi na "Bird in Space"?
   k. Ano ang natutuhan ni Isamu nang mag-aral siya kay Brancusi sa Paris, Pransiya?
   l. Ano ang unang palagay ng mga tao sa mga lilok ni Isamu?
   m. Paano nabuhay si Isamu sa New York?
   n. Anong uri ng sining ang ginawa ni Isamu nang manirahan siya sa kabukiran sa Hapon?
   o. Ano ang ginawa ni Isamu noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
   p. Anu-anong uri ng mga kagamitan ang ginamit niya sa kanyang mga lilok?
   q. Ano ang nangyari sa lilok ni Isamu na "Humpty-Dumpty"?
   r. Sa palagay mo bakit sa wakas ay naging bantog na dalubsining siya?
   s. Anong uri ng sining ang ginawa niya para sa mga mananayaw ng teatro?
   t. Sa palagay mo, bakit gumawa ng mga lantern na papel si Isamu?
   u. Ano ang palagay mo sa palaruan ni Isamu?
   v. Sa palagay mo, maligaya kaya si Isamu?
   w. Sa palagay mo, madali bang maging dalubsining? Bakit o bakit hindi?
   x. Ano ang palagay mo sa sining ni Isamu?
   y. Anu-ano ang ilang paraan ng paghahanapbuhay kung isa kang dalubsining?
   z. May alam ka bang iba pang dalubsining?

   Pagbalik-aralan ang sining ni Noguchi.

2. Turuan ang mga bata na gumawa ng isang mobile tulad nang sumusunod:

   a. Gumupit ng mga heometrikang hugis at balangkas ng mga likas na bagay tulad ng mga ibon at mga bulaklak mula sa kardbord o makapal na papel.
   b. Pintahan at palamutihan ang mga ginupit na mga piraso ng mga pinturang pampaskil o mga watercolor.
   c. Butasan ang ibabaw ng bawat piraso sa pamamagitan ng pambutas sa papel.
   d. Magsuot ng tali sa butas. Gumamit ng iba't ibang haba ng sinulid sa bawat piraso.
   e. Hubugin ang hanger upang makagawa ng isang pahalang na gabilya na may nakausling kalawit.
   f. Itali ang mga ginupit na piraso sa hanger.
   g. Ikawit ang mobile at timbangin ito.

For teacher reference

1. "Val Laigo," Asian American Image Posters, Washington SPI, Olympia, WA.
2. "Dong Kingman," Asian American Image Posters, Washington SPI, Olympia, WA.
3. "Randall Duk Kim," Asian American Image Posters, Washington SPI, Olympia, WA.
4. "I.M. Pei," Asian American Image Posters, Washington SPI, Olympia, WA.

Instructions

1. Read the book *Isamu Noguchi* or one of the storybooks listed. Also, an artist from the local community could be invited to talk to the class.

   Discuss Isamu Noguchi or another artist in detail. Aside from writer Toshio Mori (in "Ichiro's Report") or muralist Carlos Francisco (in "Botong"), the class could discuss cinematographer James Wong Howe or writer Carlos Bulosan.

   Suggested questions based on Isamu Noguchi:

   a. What nationality was Isamu Noguchi? His mother? His father?
   b. Why did Isamu's classmates tease him? Was the reason a good one? Why or why not?
   c. Where did Isamu live when he was a little boy? What was his life like then?
   d. Why did he feel different and lonely?
   e. Where did he live when he moved to America?
   f. What was his life like in Indiana?
   g. Who was Dr. Rumley? How did he help Isamu?
   h. What did Isamu learn when he stayed with Gutzon Borgium?
   i. What did Isamu want to be when he grew up?
   j. Why was Isamu so impressed with Constantin Brancusi's sculpture, "Bird in Space"?
   k. What did Isamu learn when he studied with Brancusi in Paris, France?
   l. What did people think of Isamu's sculptures at first?
   m. How did Isamu make a living in New York?
   n. What sort of art did Isamu do when he lived in the countryside in Japan?
   o. What did Isamu do during World War II?
   p. What kinds of materials does he use in his sculptures?
   q. What happened to Isamu's sculpture, "Humpty-Dumpty"?
   r. Why do you think he finally became a famous artist?
   s. What kind of art did he make for the dancers in the theater?
   t. Why do you think Isamu made paper lanterns?
   u. What do you think of Isamu's playground?
   v. Do you think Isamu was a happy man? Why or why not?
   w. Do you think it is easy to be an artist? Why or why not?
   x. What do you think of Isamu's art?
   y. What are some ways of making a living if you are an artist?
   z. Do you know of any other artists?

   Review Noguchi's art with the children.

2. Teach the children to make a mobile, as follows:

   a. Cut geometric shapes and outlines of natural objects, such as birds and flowers, out of cardboard or thick paper.
   b. Paint and decorate the cut-out pieces with poster paints or watercolors.
   c. Punch holes at the top of each piece with a paper puncher.
   d. Thread string through hole. Use different lengths of string for each piece.
   e. Bend the coast hanger so that it forms a horizontal rod with only the hook sticking out.
   f. String the cut-out pieces to the coat hanger.
   g. Hang mobile by the hook and balance it.

Pagtitining na Gawain

MGA PANGGAMPANING LAYUNIN

Magagawa ng bata na:
1. Magtipon o magdrowing ng isang larawan ng damit.
2. Gumawa ng mga kasuotang-papel ng iba't ibang damit.
3. Ilarawan kung paanong ang mga pangunahing pangangailangan ay maaring matugunan nang makasining.
4. Hakain ang kinabukasan ng isang dalubsining.

Mga kagamitan

Iba pa
1. Papel-matadero, mga pangmarka, mga krayola o pintura, gunting
2. Mga lumang magasin, kasama na ang mga Asyano-Amerikano at iba pang panlahing palimbagan

Mga panuto

1. Magpatipon o magpadrowing sa mga bata ng mga panindang damit na may iba't ibang moda; hal., mga clog, mga botas, mga sinelas, mga sandalyas, at matataas na takong, o turquoise, esmeralda, kahoy, kabibi, at mga metal na alahas. Gumawa ng collage ng mga larawang ito.

2. Ipatalakay sa mga bata ang pananamit na naiibigan nila. Pagkatapos, ipabakat sa mga bata ang kanilang mga katawan sa papel-matadero. Dapat nilang idrowing at kulayan o pintahan papel-matadero ang isang kasuotan na naiibigan nila. "Ipasuot" sa mga bata ang mga kasuotang-papel sa pamamagitan ng paghawak ng papel-matadero sa harapan nila.

3. Tanungin ang mga bata kung aling pang-araw-araw na mga bagay ang nagtatanghal ng mga makasining na katangian. Itala ang kanilang mga mungkahi:

   a. Pananamit
   b. Mga gusali
   c. Mga kasangkapan sa pagluluto at sa pagkain
   d. Transportasyon
   e. Mga laruan at mga laro
   f. Mga muwebles
   g. Mga kumot

Tulungan ang mga bata na ipasya sa kalahatan na ang mga sining ay kaugnay na bahagi ng buhay-buhay.

4. Magpasulat sa mga bata ng isang maikling kuwento tungkol sa kanilang mga sarili kung pinili nila ang sining bilang hanapbuhay. Hikayatin ang mga bata na ilahad nang malaya ang kanilang mga sarili. Sabihin sa kanila na isulat kung ang sining ay isang mahalagang bahagi ng buhay at kung bakit o bakit hindi. Talakayin ang mga kuwento at itanghal ang mga ito kasama ng mga kinagigiliwang proyekto sa sining ng mga bata.

Culminating Activity

PERFORMANCE OBJECTIVES

The child will be able to:
1. Collect or draw a picture of an article of clothing.
2. Make a paper costume of different clothing.
3. Describe how other basic needs can be met artistically.
4. Speculate on a future as an artist.

Materials

Other
1. Butcher paper, markers, crayons or paint, scissors
2. Old magazines, including Asian American and other ethnic publications

Instructions

1. Have the children collect or draw pictures of articles of clothing in different styles; e.g., clogs, boots, slippers, sandals, and high heels, or turquoise, jade, wood, shell, and metal jewelry. Make a collage of these pictures.

2. Have the children discuss which clothing they like. Then have them trace their body shapes on butcher paper. The students are to draw and color or paint a set of clothes that they like on the butcher paper. Have the children "wear" their paper outfits by holding the butcher paper up in front of them.

3. Ask the children which everyday items display artistic qualities. List their suggestions:

   a. Clothing
   b. Buildings
   c. Cooking and eating utensils
   d. Transportation
   e. Toys and games
   f. Furniture
   g. Blankets

Help the children generalize that the arts are an integral part of everyday life.

4. Have the children write a short story about themselves if they chose art as their life work. Encourage the children to express themselves freely. Ask them to write if art is an important part of life, and why or why not. Discuss the stories and display them with the children's favorite art projects.

YUNIT II: Mga Isipin at mga Damdamin
UNIT II: Thoughts and Feelings

Pang-isipang Pahayag I

Ang pakikisalamuha sa mga tao ay kadalasang nangangailangan ng paggawa ng mga pas'ya at paglutas ng mga suliranin.

Pang-isipang Pahayag II

Ang paggawa ng mga pasiya at paglutas ng mga suliranin ay kadalasang kinasasangkutan ng mga kanais-nais na pagpipilian, ng parehong kanais-nais at hindi kanais-nais na mga pagpipilian o mga hindi kanais-nais na pagpipilian lamang.

Pang-isipang Pahayag III

Ang mga isipin o mga damdamin o ang dalawang ito ay kadalasang siyang tumitiyak kung paanong nagagawa ang mga pasiya at nalulutas ang mga suliranin.

Ang buod ng Yunit sa mga Isipin at mga Damdamin ay labinlimang kuwentong di-tapos na nakahanda bilang mga kalagayang pansadulang-gampanin.

Ang mga kuwento ay tumatalakay sa salungatan, sa pamamagitan ng paghaharap ng mga kalagayan na lumilitaw ang mga pagkakaiba. Ang pagtalakay sa klase ay dapat makatulong sa mga batang kilalanin at saliksikin ang ubod ng pagsasalungatan at ang mga pamamaraan, mga kahalagahan at mga tanawin sa paglutas ng mga suliranin, sa pag-aayos ng mga hidwaan, at sa pagpili ng gagawin. Ang hinahangad na bunga para sa mga bata ay ang napagbuting kakayahan na harapin ang mga pagsasalungatan sa pamamagitan ng kalagayang-pagsusuri at paggawa ng pasiya o paglutas ng suliranin.

Maaaring saliksikin ang mga kuwento sa iba-ibang antas batay sa gustuhin ng guro at gulang ng mga bata.

Ang mga pagsasalungatan sa mga kuwento ay maaaring pag-uuri-uri ayon sa mga sumusunod na klase:

1. Paglapit/paglapit: ang tao ay dapat pumili sa dalawang kanais-nais na mapagpipilian.

   Halimbawa: Manonood ba ako ng sine o maglalaro ng baseball?

2. Paglapit/pag-iwas: ang tao ay dapat pumili alinman sa kanais-nais na mapagpipilian o sa di-kanais-nais na mapagpipilian.

   Halimbawa: Dapat ba akong magpagamot sa pamamagitan ng kapsula o ng iniksiyon?

3. Pag-iwas/pag-iwas: ang tao ay dapat pumili sa alinman sa dalawang di-kanais-nais na mapagpipilian.

   Halimbawa: Magpapainiksiyon ba ako sa braso o sa binti?

Conceptual Statement I

Interaction among people often requires making decisions and solving problems.

Conceptual Statement II

Making decisions and solving problems often involves desirable options only, both desirable and undesirable options, or undesirable options only.

Conceptual Statement III

Thoughts or feelings or both often determine how decisions are made and problems are solved.

The Thoughts and Feelings Unit centers around fifteen open-ended stories, presented as role-play situations.

The stories deal with conflict, by presenting situations in which differences arise. Class discussion should help the students identify and explore the nature of conflict and the dynamics, values, and perspectives in solving problems, reconciling differences, and making choices. The desired outcome among the students is an improved ability to handle conflicts through situation analysis and decision-making/problem-solving.

The stories can be explored at numerous levels, as the teacher prefers and as the maturity of the students allows.

1. Approach-approach: the person must choose between two desirable alternatives.

   Example: Shall I go to the movies or play baseball?

2. Approach-avoidance: the person must choose between a desirable alternative and an undesirable alternative.

   Example: Shall I take the medicine in a capsule or through a shot in the arm?

3. Avoidance-avoidance: the person must choose between two undesirable alternatives.

   Example: Shall I take the shot in the arm or leg?

Mapapansin ng guro na binibigyang-diin ng yunit na ito ang pamamaraan, o pakikisalamuha, sa halip ng nilalaman. Sa gayong kadahilanan, ang yunit ay ipinakikilala sa naiibang kaanyuan. Sa halip na mga nakadetalyeng gawain, tatlong pampagtuturong huwaran ang inihaharap, isa sa bawat pagkakasalungatang uri. Ipinapakita ng mga huwaran sa guro kung ano ang dapat matutuhan at kung paano mapapadali ang pagkatuto. Itinatampok ng bawat huwaran ang sumusunod para sa isang piniling kuwento:

a. uri ng pagsasalungatan
b. mga pampagkatutong layunin
c. mga tanong sa pagtalakay
d. mga ideang sasaliksikin
e. mga maselang bahagi ng kuwento
f. mga mungkahing pansunod na gawain

Ang mga huwaran ay hindi naglalaan ng mga bai-baitang na panuto. Dapat piliin ng guro ang pinakamabuting paglapit sa bawat isa sa labinlimang kuwento. Samakatuwid, tulad ng mag-aaral, dapat suriin ng guro ang kalagayan at piliin ang gagawin pagkatapos.

Ang mga pamagat at mga buod ng mga kuwento ay ibinigay sa ibaba. Ang mga sumusunod na pahina ay mga pampagtururong huwaran para sa tatlong kuwento na nilagyan ng asterisk.

a. "Ang Manika na may Mapupulang Laso"* (47-48)
Dapat magpasiya si Mary kung bibili ng isang mamahaling manika o ng isang mumurahing tau-tauhang pangkamay.

b. "Ang Away" (49)
Nang sabihin ni Wing-Lok na itinulak siya sa lupa ng isang mag-aaral, dapat magpasiya ang nakatatanda niyang kapatid kung ano ang gagawin.

c. "Panonood ng Sine" (51)
Si Sau-ling ay manonood ng sine kasama ng isang kaibigan. Magkikita sila sa panaderya. Magsisimula na ang sine, ngunit hindi pa dumarating ang kaibigan niya.

d. "Lola"* (51)
Inakala ng isang batang nag-ingay noong may sakit ang lola niya na pinalubha niya ang kalagayan nito.

e. "Ang Maskarang Pang-Halloween" (52)
Dapat isama ni Bayani sa tindahan ang maliit niyang kapatid upang bumili ng maskarang pang-Halloween. Tinututulan niya ang pagsama ng maliit niyang kapatid kaya biniro niya ito sa tindahan.

f. "Ang Sorbetes" (53)
Binisita ni Sui-Mei at ng kanyang kapatid ang isang kapit-bahay at tinanggap ang alok na sorbetes. Galit ang Nanay nila sa kanilang inasal.

g. "Bawal Pumasok" (54)
Nalaman ng dalawang magkapatid na darating ang mga kamag-anak upang tumira sa kanila. Ayaw nilang ibahagi ang silid-tulugan nila sa isang pinsan.

h. "Walang Mapuntahan" (55)
Dapat magpasya si Bobby kung tutuparin ang kanyang pangako na maghihintay sa kaibigan o lumisan nang madalian upang pumunta sa tabing-dagat kasama ng mga ibang kaibigan.

i. "Ang Tuhod ni Mary" (56)
Nagtungo sa doktor ang isang bata dahil sa masakit ang kanyang tuhod. Nais ng kanyang pamilya na gamutin siya sa pamamagitan ng kinamihasnang panggagamot.

j. "Mga Pusong-Papel" (57)
Dapat magpasiya ang isang batang lalaki kung hahalikan ang isang batang babae at hayaang tuksuhin siya ng mga kaibigan o hiyain ang batang babae.

k. "Ang Rosas na Suweter"* (58-59)
Sa isang pamamasyal, nabasa ang dyaket ni Jim. Dapat siyang magpasiya kung maghihintay na lamang sa loob ng pampaaralang bus o isuot ang kulay-rosas na suweter ng guro niya.

l. "Ang Taniman ng Strawberry" (60)
Nasaksihan ng isang bata ang isang sakuna sa isang taniman ng strawberry na kung saan ang isang bata ay namatay. Sa matinding pagkayanig, winawari ng bata kung sasabihin ito sa kanyang mga magulang.

m. "Ang Report Card" (61)
Nakatanggap ng B si Carol sa Agham at inaalala niya kung ipapakita niya ito sa kanyang mga magulang. Sinabi ng guro sa kanya na wala siyang dapat na alalahanin.

The teacher will note that this unit emphasizes process, or interaction, rather than content. For that reason, the unit is presented in a different format. Instead of detailed activities, three instructional models are presented, one for each conflict type. The models show the teacher what is to be learned and how to facilitate learning. Each model highlights the following for a selected story:

a. conflict type
b. learning objectives
c. discussion questions
d. ideas to explore
e. critical components of the story
f. suggested follow-up activities

The models do not provide step-by-step instructions. The teacher must choose the best approach to each of the fifteen stories. Therefore, the teacher, like the student, must analyze the situation and make choices.

The titles and synopses of the stories are given below. On the following pages are instructional models for the three stories which are asterisked.

a. "The Doll with Red Ribbons"* (47-48)
Mary must decide whether to buy an expensive doll or an inexpensive hand puppet.

b. "The Fight" (49)
When Wing-Lok says another student pushed him to the ground, his older brother must decide how to handle the situation.

c. "Going to the Movies" (50)
Sau-ling is going to a movie with a friend. They are to meet at the bakery. The movie is about to start, but her friend has not arrived.

d. "Grandmother"* (51)
A child who made noise during his grandmother's illness thinks he worsened her condition.

e. "The Halloween Mask" (52)
Bayani must take his little sister to the store to buy a Halloween mask. He resents his little sister's presence and plays a trick on her in the store.

f. "The Ice Cream Visit" (53)
Sui-Mei and her sister visit a neighbor and accept some ice cream. Mother is angry about their behavior.

g. "Keep Out" (54)
Two brothers find out that relatives will be coming to live with them. They don't want to share their bedroom with a cousin.

h. "No Place to Go" (55)
Bobby must decide whether to keep his promise and wait for his friend or leave immediately for the beach with other friends.

i. "Mary's Knee" (56)
A young girl goes to the doctor with a knee problem. Her family wants to treat her with traditional remedies instead.

j. "Paper Hearts" (57)
A young boy must decide to either kiss a girl he likes and risk the ridicule of his friends or disappoint the girl.

k. "The Pink Sweater"* (58-59)
During a field trip, Jim's jacket becomes soaking wet. He must decide whether to wait in the school bus or wear the teacher's pink sweater.

l. "Strawberry Fields" (60)
A boy witnesses an accident at a strawberry plantation in which another boy is killed. Badly shaken, the boy wonders whether he should tell his parents.

m. "The Report Card" (61)
Carol gets a B in science and is worried about showing her report card to her parents. Her teacher tells her there's no cause to worry.

n. "Ang Lumayas" (62)
Umuwi sa bahay ang lumayas na nakatatandang kapatid ng isang batang babae, subalit galit ang kanilang Itay. Hindi niya malaman kung sino ang kanyang dadamayan.

o. "Ang Pitaka" (63)
Nakakita ng pitaka sa paaralan ang dalawang batang lalaki. Dapat silang magpasiya kung isasauli o itatago ito.

Huwaran 1

"Ang Manika na may Mapupulang Laso"

Uri ng Pagsasalungatan: paglapit/paglapit

Dapat magpasiya si Mary kung bibili siya ng isang mamahaling manika o isang maliit na tau-tauhang pangkamay.

Mga Pampagkatutong Layunin:

1. Makikilala ng bata na kung minsan ang mga tao ay dapat pumili alinman sa pagkuha agad ng isang bagay o sa paghihintay ng iba pa.

2. Makikilala ng bata na ang mga tao ay gumagamit ng iba't ibang pamamaraan upang makapagpasiya.

Mga Tanong sa Pagtalakay:

Ituon ang pansin sa iba't ibang paningin ng mga tauhan.

1. Ano ang sinabi ni Gng. Lee na gawin ni Mary?
2. Sa palagay mo, bakit hindi niya sinabi nang tiyak ang dapat gawin ni Mary?
3. Bakit gusto ni Mary ang manika na may mapupulang laso?
4. Bakit gusto ni Mary ang tupa-tupahan?
5. Ano ang gagawin mo kung ikaw si Mary?

Mga Idea na Sasaliksikin:

1. May iba't ibang paraan sa paggawa ng mga pasiya. Walang isang paraan na mas mabuti kaysa iba. Kung minsan gumagamit ang mga tao ng katuwiran (pag-iisip) at kung minsan gumagamit ang mga tao ng damdamin (pagdama). Kung minsan ginagamit nila ang dalawang ito. Halimbawa, ang kalagayan ni Mary ay kinasasangkutan ng sumusunod:

   a. Gusto niya ang manika. (pagdama)
   b. Maganda ang manika. (pagdama)
   c. Nakakapagsalita ang manika. (katuwiran)
   d. Masyadong mahal ang manika. (katuwiran)
   e. Isinasaalang-alang ni Mary ang tupa dahil sa halaga nito. (katuwiran)

n. "The Runaway" (62)
A girl's runaway older sister comes home, but their father is angry. She doesn't know whom to feel for.

o. "The Wallet" (63)
Two boys find a wallet at school. They must decide whether to return it or keep it.

Model 1

"The Doll with the Red Ribbons"

Conflict Type: approach-approach

Mary must decide whether to buy an expensive doll or a small hand puppet.

Learning Objectives:

1. The child will recognize that people must sometimes choose between having something immediately or waiting for something else.

2. The child will recognize that people use different processes to make decisions.

Discussion Questions:

Focus on the different perspectives of the characters.

1. What did Mrs. Lee tell Mary to do?
2. Why do you think she didn't tell Mary exactly what to do?
3. Why did Mary want the doll with ribbons?
4. Why did Mary want the lamb puppet?
5. What would you do if you were Mary?

Ideas to Explore:

1. There are different ways to make decisions. No one way is better than another. Sometimes people use reasoning (thinking) and sometimes people use intuition (feeling). Sometimes they use a combination of the two. For example, Mary's situation involved the following:

   a. She liked the doll. (feeling)
   b. The doll was pretty. (feeling)
   c. The doll could talk. (reasoning)
   d. The doll cost too much. (reasoning)
   e. Mary considered the lamb because of its price. (reasoning)

f. Kung bibilhin ni Mary ang tupa, magkakaroon agad siya ng isang bagay na gusto niya. (katuwiran/pagdama)

Kung minsan gumagawa tayo ng mga pasiya sa tulong ng ating pagdama; hal., kapag pumipili ng aklat na gusto mong basahin.

Kung minsan gumagawa tayo ng mga pasiya sa pamamagitan ng pag-iisip; hal., kapag nagpapasiya tayo na pumunta sa paaralan kahit na gusto nating manatili sa bahay.

Kung minsan gumagawa tayo ng mga pasiya na parehong ginagamit ang pag-iisip at pagdama; hal., kung pumipili ng pagkain na masarap na at nagpapalusog pa.

Kung minsan gumagawa tayo ng mga pasiya nang hindi nagkauugnay ang ating pag-iisip at pagdama. Ang mahirap na kalagayan ay lumilitaw kung hindi tayo makapagpasiya kung susundin ang ating mga damdamin o ang ating katuwiran.

2. May pangkat ba ng tao na gumagamit ng isang paraan ng paggawa ng pasiya nang higit sa iba? Isaalang-alang ang mga bumbero, mga guro, mga artista, mga dalubsining, mga matatanda, mga bata, mga lalaki at mga babae.

Mga Maselang Bahagi:

Ang mga maselang bahagi ay ang mga liko sa banghay ng kuwento. Talakayin kung ano ang maaaring nakapigil ng kalagayan sa kuwento sa pagiging maselan.

1. Ano kaya kung may pera sa bangko si Mary upang gastahin?
2. Ano kaya kung mayroon nang manikang nakapaglalakad at nakapagsasalita si Mary?
3. Ano kaya kung mayroon lamang 50¢ si Mary upang gastahin?
4. Ano kaya kung walang makitang bagay na magugustuhan ni Mary sa halagang $1.00?
5. Ano kaya kung pinahiram ni Gng. Lee si Mary ng pera?
6. Ano kaya kung nadarama ni Gng. Lee na lubhang bata pa si Mary upang gumawa ng mga pasiya para sa kanyang sarili?

Mga Mungkahing Pansunod na Gawain:

Ang mga bagay na binanggit sa "Ang Manika na may Mapupulang Laso" ay maaaring magamit upang patnubayan ang pagtalakay at pagsusuri ng mga pamamaraan ng pagpapahalaga at paggawa ng pasiya sa iba pang kuwento.

1. Kailan nagsisimulang gumawa ang mga bata ng mga malayang pasya? Paano natutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa paggawa ng sarili nilang pasiya? Ipakita ang isang pelikula tulad ng *Sui-Mei Wong: Who Shall I Be?"* (mula sa Learning Corporation of America, 1350 Avenue of the Americas, New York, NY 10019) upang bigyang-diin ang aspektong ito ng paggawa ng pasiya. Gustong mag-aral ng ballet ni Sui-Mei pagkatapos ng klase ngunit gusto ng ama niya, sa halip, na dumalo siya sa klase ng wikang Intsik. Paano nalutas ang pagsasalungatang ito ang siyang paksa ng pelikula.

f. If Mary buys the lamb, she will immediately have something that she likes. (reasoning/feeling)

Sometimes we make decisions through our feelings; e.g., when choosing the book we want to read.

Sometimes we make choices by thinking; e.g., when deciding to go to school even though we feel like staying home.

Sometimes we make decisions using both thinking and feeling; e.g., when choosing food that tastes good and is nutritious too.

Sometimes we make decisions when we feel one way and think another way. Dilemmas arise when we can't decide whether to follow our feelings or our reasoning.

2. Does any group of people use one method of decision-making more than others? Consider firefighters, teachers, actors, artists, adults, children, males, and females.

Critical Components:

Critical components are turning points in the story. Discuss what would have prevented the situation in the story from being so critical.

1. What if Mary had money in the bank to spend?
2. What if Mary already had a doll that could walk and talk?
3. What if Mary had only 50¢ to spend?
4. What if Mary couldn't find anything she liked for less than $1.00?
5. What if Mrs. Lee had loaned Mary money?
6. What if Mrs. Lee felt that Mary was too young to make decisions for herself?

Suggested Follow-up Activity:

The points raised in "The Doll with Red Ribbons" can be used to guide a discussion and analysis of the values and decision-making processes in other stories.

1. When do children begin making independent decisions? How do parents help their children make their own decisions? Show a film such as ***Sui-Mei Wong: Who Shall I Be?*** (available from Learning Corporation of America, 1350 Avenue of the Americas, New York, NY 10019) to focus on this aspect of decision-making. Sui-Mei wants to go to ballet lessons after school but her father wants her to go to Chinese language class instead. How this conflict is resolved is the film's subject.

Huwaran 2

"Ang Rosas na Suweter"

Uri ng Pagsasalungatan: pag-iwas/pag-iwas

Itinaya ni Jim ang sarili sa panunukso sa pagsusuot ng kulay-rosas at pambabaeng suweter o hindi makasama sa mga gawain ng pamamasyal sa pagtigil sa bus.

Mga Pampagkatutong Layunin:

1. Makikilala ng bata na ang mga tao ay maaaring magkaroon ng iba't ibang pagtanaw sa iisang pangyayari.

2. Makikilala ng bata na ang mga tao kung minsan ay winawalang-bahala ang mga kuru-kuro ng iba.

3. Makikilala ng bata na ang mga tao kung minsan ay gumagawa ng mga pasiya batay sa kanilang pagtanaw sa palagay ng iba sa kanila.

Mga Tanong sa Pagtalakay:

Ituon ang pansin sa iba't ibang pagtanaw ng mga tauhan.

1. Ano ang sinabi ni Gng. Malcolm na inaalala niya?
2. Sa palagay mo, ano talaga ang inaalala niya?
3. Bakit hindi siya nakinig sa opinyon ni Sean?
4. Ano ang maaaring ginawa mo kung ikaw si Gng. Malcolm?
5. Ano ang inaalala ni Sean?
6. Ano ang maaaring ginawa mo kung ikaw si Sean?
7. Ano ang inaalala ni Jim?
8. Bakit ayaw niyang isuot ang rosas na suweter?
9. Paano kaya ang paghihintay sa bus nang nag-isa?
10. Ano ang gagawain mo kung ikaw si Jim?

Mga Idea na Sasaliksikin:

1. Ang ilang kulay ba ay itinuturing na "pambabaeng" kulay? Ang ilang kulay ba ay itinuturing na "panlalaking" kulay? Maaasahan ba natin ang mga tao na umasal sa tiyak na mga paraan dahil sa kanilang sari? Ano ang pagkamakasari?

2. Ang kinamihasnang paniniwala na ang pangangatwiran ay isang pang-adultong kakayahan (at na ang mga bata ay hindi gamit ang katwiran upang makabatid) ay binibigyang-halimbawa sa kuwento sa damdamin ni Jim na hindi niya maisusuot ang suweter at ang isipin ng guro na dapat niya itong isuot. Gaano katotoo ang paniniwalang ito?

3. Dapat bang lagi nating alalahanin ang iniisip ng iba tungkol sa atin? Kailan tayo dapat magbigay ng higit na halaga sa iniisip natin tungkol sa ating sarili? Paano natin hinaharap ang pagkapahiya?

Mga Maselang Bahagi:

Ang mga maselang bahagi ay ang mga liko sa banghay ng kuwento. Talakayin kung ano ang maaaring nakapigil ng sitwasyon sa kuwento sa pagiging maselan.

1. Ano ang maaaring nangyari kung asul ang suweter?
2. Ano ang maaaring nangyari kung iniwasan ni Jim ang mga tumatakbong bata?
3. Ano ang maaaring nangyari kung pinabayaan ni Gng. Malcolm na isuot ni Jim ang basang dyaket maghapon?
4. Ano ang maaaring nangyari kung hindi inisip ng mga kaibigan ni Jim na katawa-tawa ang kulay-rosas na suweter?

Mga Mungkahing Pansunod na Gawain:

1. Mag-anyaya ng isang lalaki at isang babae na magsalita sa klase tungkol sa mga lalaki at mga babae na nasa mga di-karaniwang trabaho; hal., isang lalaking nars, isang babaeng bumbero.
2. Hayaang ibahagi ng mga mag-aaral ang mga karanasan nila na katulad ng kay Jim. Natulungan ba tayo ng kuwento upang harapin nang mas mabuti ang mga katulad na sitwasyon sa hinaharap?

Model 2

"The Pink Sweater"

Conflict Type: avoidance-avoidance

Jim must risk ridicule for wearing a woman's pink sweater or miss the field trip activities by staying in the bus.

Learning Objectives:

1. The child will recognize that people can have different perspectives of the same event.
2. The child will recognize that people sometimes ignore the views of others.
3. The child will recognize that people sometimes make decisions based on their perception of what others will think of them.

Discussion Questions:

Focus on the different perspectives of the characters.

1. What did Mrs. Malcolm say she was concerned about?
2. What do you think she was really concerned about?
3. Why didn't she listen to Sean's point?
4. What would you have done if you were Mrs. Malcolm?
5. What was Sean concerned about?
6. What would you have done if you were Sean?
7. What was Jim concerned about?
8. Why didn't he want to wear the pink sweater?
9. What would it be like to wait in the bus alone?
10. What would you do if you were Jim?

Ideas to Explore:

1. Are some colors considered "girl" colors?
   Are some colors considered "boy" colors?
   Do we expect people to behave in certain ways because of their sex? What is sexism?

2. **The traditional belief that reasoning is an adult faculty (and that children are "merely" intuitive) is exemplified in the story by Jim's feeling that he could not wear the sweater and the teacher's thinking that he should. How valid is this belief?**
3. Should we always be concerned about what others think of us? When should we place greater importance on what we think of ourselves? How do we handle being embarrassed?

Critical Components:

Critical components are turning points in the story. Discuss what would have prevented the situation in the story from being so critical.

1. What would have happened if the sweater were blue?
2. What would have happened if Jim had sidestepped the running boys?
3. What would have happened if Mrs. Malcolm had let Jim wear a wet jacket all day?
4. What would have happened if Jim's friends did not think the pink sweater was funny?

Suggested Follow-up Activities:

1. Invite both a man and a woman to speak to the class on men and women in atypical jobs; e.g., a male nurse, a female firefighter.
2. Have the students share experiences that they have had which are similar to Jim's. Can the story help us better handle similar situations in the future?

Huwaran 3

Uri ng Pagsasalungatan: paglapit/pag-iwas

Gusto ng bata na sabihin ang katotohanan ngunit natatakot siya sa magiging sagot ng kanyang ina.

Mga Pampagkatutong Layunin:

1. Makikilala ng bata na ang mga tao ay umaasal nang magkakaiba sa pagkakasakit.
2. Makikilala ng bata na ang sakit ay may mga tiyak na sanhi.
3. Makikilala ng bata na ang pagkakasala, kung minsan, ay damdaming wala sa lugar.

Mga Tanong sa Pagtalakay:

Ituon ang pansin sa iba't ibang pagtanaw ng mga tauhan.

1. Sa palagay mo, ano ang ginawa ni Dr. Gopez tungkol sa sakit ng Lola?
2. Sa palagay mo, ano ang nadarama niya tungkol sa pagkakasakit nito?
3. Ano ang naiisip ng bata tungkol sa pagkakasakit ng kanyang lola?
4. Bakit naisip ng bata na pinalala niya ang sakit ng kanyang lola?
5. Sa palagay mo, ang ingay ba ng bata ay maaaring nagpalala sa sakit ng lola?
6. Ano ang nadama ng bata nang malaman niyang nasa ospital ang lola niya?
7. Ano ang sinabi ng ina tungkol sa sakit ng lola niya?
8. Sa palagay mo, ano ang nadama niya nang lumala ang sakit ng lola?
9. Sa palagay mo, ano ang magiging reaksiyon niya kung sasabihin ng bata ang tungkol sa ingay na nagawa niya?

Mga Ideang Sasaliksikin:

1. Anu-ano ang ilang sanhi ng sakit? Anu-ano ang sanhi ng beke? Tigdas? Atake sa puso? Sirang ngipin? Anyayahan ang nars ng paaralan na magsalita tungkol dito. Anu-ano ang hindi maaaring maging sanhi ng pagkakasakit? Ingay? Masasamang isipin ng iba?

2. Kapag nalaman ng ilang tao na ang isang malapit sa kanya ay may sakit, nararamdaman niya kung minsan na may pagkakasala o pananagutan siya sa pagkakasakit na iyon. Halimbawa, maaaring nadama ni Dr. Gopez na napigilan sana niya ang pagkakasakit ng Lola. Maaaring nadama ng ina na higit sana siyang nakatulong sa Lola. Nadama talaga ng bata na pinalala niya ang kalagayan ng lola.

   Anu-ano ang mga kalagayang nagpapalaki ng pagkakasala? Kakulangan ng impormasyon? Halimbawa, alam ba ng bata ang eksaktong sanhi ng kalagayan ng kanyang lola? Ang maling impormasyon ay maaaring maging sanhi rin ng pagkamaysala. Halimbawa, akala ng bata, ang ingay ay nagiging sanhi ng pagkakasakit. Ang mga damdamin ng kawalang kakayahan ay maaaring maging sanhi rin ng pagkamaysala. Halimbawa, maaaring gusto ng bata na tulungang bumuti ang kanyang lola, ngunit hindi niya alam kung paano.

   Paano natin maiiwasan ang di-kinakailangang pagkamaysalang damdamin? Ang mga pagtatanong o pagpapatunay ng ating mga pagtanaw sa isang sitwasyon na kasama ng iba ay maaaring makatulong.

Mga Maselang Bahagi:

Ang mga maselang bahagi ay ang mga liko sa banghay ng kuwento. Talakayin kung ano ang maaaring nakapigil ng sitwasyon sa kuwento sa pagiging maselan.

1. Ano ang maaaring nangyari kung hindi pinagsabihan ng doktor na tumahimik ang bata?
2. Ano ang maaaring nangyari kung may higit pang nalaman ang bata tungkol sa sakit ng kanyang lola?
3. Ano ang maaaring nangyari kung ang ina ay malinaw na tinalakay sa bata ang tungkol sa katandaan, sakit at kamatayan?

Model 3

"Grandmother"

Conflict Type: approach-avoidance

A child wants to tell the truth but is afraid of how his mother will react.

Learning Objectives:

1. The child will recognize that people react differently to illness.
2. The child will recognize that illness has specific causes.
3. The child will recognize that guilt is sometimes a misplaced feeling.

Discussion Questions:

Focus on the different perspectives of the characters.

1. What do you think Dr. Gopez did about Grandmother's illness?
2. How do you think he felt about her illness?
3. What did the child think about his grandmother being ill?
4. Why did the child think that he made his grandmother's illness worse?
5. Do you think that the child's noise could have worsened the grandmother's sickness?
6. How did the child feel when he found that his grandmother was in the hospital?
7. What did the mother say about the grandmother's illness?
8. How do you think she felt when the grandmother's condition worsened?
9. How do you think she will react if the child tells her about the noise he made?

Ideas to Explore:

1. What are some causes of illness? What causes mumps? Measles? Heart attacks? Cavities? Invite the school nurse to give a talk. What cannot cause a person to be ill? Noise? Bad thoughts by others?

2. When a person learns that someone close to him/her is ill, s/he sometimes feels guilty or responsible for the illness. For example, Dr. Gopez may have felt that he could have prevented Grandmother's illness. The mother may have felt that she could have been more helpful to grandmother. The child did feel that he made his grandmother's condition worse.

   What conditions foster guilt? Lack of information? For example, did the child know the exact cause of his grandmother's condition? Misinformation may also cause guilt. For example, the child thinks that noise causes illness. Feelings of helplessness may also cause one to feel guilty. For example, the child may want to help his grandmother get better, but he does not know how.

   How can we avoid unnecessary guilt feelings? Asking questions or confirming our perceptions of a situation with others may help.

Critical Components:

Critical components are turning points in the story. Discuss what would have prevented the situation in the story from being so critical.

1. What would have happened if the doctor had not told the child to be quiet?
2. What would have happened if the child had known more about his grandmother's illness?
3. What would have happened if the mother had talked candidly with the child about old age, illness, and death?

Mga Mungkahing Pansunod na Gawain:

1. Pag-aralan ang ilang karaniwang sakit at kung paano ang paggamot nito.

2. Ano ang pagtanda? Bakit tayo tumatanda? Ano ang kamatayan? Pag-aralan ang ikot ng buhay. Ang isang sanggunian ay "Teaching About Aging" ni Francis Pratt (Boulder: Eric Clearing House for Social Studies, 1977).

Model 3 continued

Suggested Follow-up Activities:

1. Study some common illnesses and how to treat them.

2. What is aging? Why do we grow old? What is death? Study the cycle of life. One reference is ***Teaching about Aging*** by Francis Pratt (Boulder: ERIC Clearinghouse for Social Studies, 1977).